# Project EASE

(Effective Alternative Secondary Education)

**ARALING PANLIPUNAN II**




# MODYUL 20

# MGA PANGUNAHING ISYU AT SULIRANIN NG ASYA

BUREAU OF SECONDARY EDUCATION
Department of Education
DepEd Complex, Meralco Avenue
Pasig City

**MODYUL 20**

**MGA PANGUNAHING ISYU AT SULIRANIN NG ASYA**




Matutunghayan mo sa modyul na ito ang mga isyung kinakaharap ng Asya na maaari ring kinakaharap ng mga karatig-bansa sa buong mundo. Mahalagang maunawaan mo ang mga ugat ng pinagmulan ng isyu, suliranin, krisis at mga hakbanging isinagawa upang maisaayos ang kalagayan ng pamumuhay sa Asya. Lahat ng ito ay matatalakay at mapag-aaralan mo sa Modyul 21.



May anim na araling inihanda para sa inyo sa modyul na ito:

- Aralin 1: Karapatang Pantao
- Aralin 2: Terorismo
- Aralin 3: Populasyon, Likas na Pinagkukunang-Yaman at Kapaligiran
- Aralin 4: Ang Nagbabagong Kalagayang Panlipunan ng mga Kababaihan sa Asya
- Aralin 5: Ang “Human Immuno-Deficiency Virus” (HIV) / “Acquired Immune Deficiency Syndrome” (AIDS)
- Aralin 6: Globalisasyon



Pagkatapos mong mapag-aralan ang modyul, inaasahang iyong:

1. Maipapaliwanag ang katuturan ng Karapatang Pantao;
2. Matatalakay ang Terorismo bilang isang uri ng paglabag ng Karapatang Pantao;
3. Masusuri ang kaugnayan ng paglaki ng populasyon sa pagkawasak ng kapaligiran;
4. Mailalahad ang mga mahahalagang pagbabago sa kalagayan ng mga kababaihan sa Asya;
5. Matutukoy ang dahilan ng pagtaas ng bilang ng mga apektado ng HIV/ AIDS sa Asya; at
6. Masusuri ang konsepto at penomenang globalisasyon.

Handa ka na ba? Subukan mong sagutin ang mga sumusunod na tanong. Huwag kang mangamba sa pagsagot. May mga tulong sa pag-aaral na inihanda para sa iyo.




**PANIMULANG PAGSUSULIT:**

Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Sa bansang Pilipinas, alin sa mga ss: na sanhi ang pinaka-angkop sa di-mapigilang paglaki ng populasyon?
   A. Rehiyon at kultura
   B. Kabataan
   C. Tradisyon
   D. Pamahalaan

2. Upang maiwasan ang paglabag sa Karapatang Pantao, ang pamahalaan at mamamayan ay dapat ________________.
   A. itaguyod ang mga batas at edukasyon na may kinalaman sa Karapatang Pantao
   B. magbalangkas ng mga programa upang proteksyunan ang mga karapatan
   C. maglunsad ng malawakang edukasyon ukol sa Karapatang Pantao
   D. lahat ng nabanggit

3. Ang mainam o mahusay na programa sa populasyon ay nagdudulot ng _______.
   A. paglutas sa suliranin sa pabahay, ekonomiya, kagutuman at kahirapan
   B. pagliit ng bilang ng mga batang ipinapanganak
   C. paglinang ng likas na yaman
   D. lahat ng nabanggit

4. Ang malawakang paggamit ng mga Greenhouse Gas tulad ng carbon dioxide, chlorofluorocarbon, nitrogen oxide at sulfur oxide ay nagdudulot ng __________.
   A. El Nino at La Nina

B. Global Warming
C. Pagbaha
D. Lahat ng nabanggit

5. Ang kalamidad na nanalanta sa mga bansa sa Timog, Timog Silangang Asya at Africa.
   A. Tsunami
   B. El Nino, La Nina
   C. Global Warming
   D. Pagkabutas ng Ozone layer

6. Sakit na kumikitil sa ilang mamamayan sa Baguio at ilang bayan sa Benguet.
   A. Thrombosis
   B. Thyphoid fever
   C. Meningococcemia
   D. Bird Flu

7. Alin sa mga ss: ang nagdudulot ng matinding init at pagkatuyo ng lupain?
   A. Pagkasira ng ekolohiya
   B. El Nino
   C. Pagkabutas ng Ozone layer
   D. Global Warming

8. Ito ang pangunahing tungkulin ng bansa sa kanyang mga mamamayan.
   A. Karapatang Pantao
   B. Edukasyon
   C. Pwersang militar
   D. Seguridad

9. Ang malaking bilang ng kabataan sa bansa ay nangangahulugan ng sumusunod maliban sa ____________.

A. Maraming pakakainin
B. Lahat ay masaya
C. Marami ang hindi makapag-aral
D. Maraming bilang ang nabibigyan ng serbisyong pangkalusugan

10. Ang nagmomonitor ng mga duming itinatambak ng mga industriyalisadong bansa sa Ikatlong Daigdig.
    A. United States
    B. Green Peace
    C. ASEAN
    D. APEC

11. Sa ganitong uri ng paglabag sa Karapatang Pantao, itinatangi ang mga taong ipinalalagay na hindi makatutulong sa pag-unlad ng lipunan
    A. diskriminasyon
    B. panunupil sa kultura
    C. marginalisasyon
    D. karahasan

12. Ito ay tumutugon sa pagkasira at pagkasaid ng nutrisyon ng lupa na nagiging sanhi ng mababang ani nito
    A. deforestasyon
    B. desertifikasyon
    C. greenhouse effect
    D. ekosistem

13. to ay tumutugon sa sistemang interaksyon ng mga biyolohikal na pamayanan sa kanyang walang buhay na organismo
    A. deforestasyon
    B. desertifikasyon
    C. ekosistem

D. global warming

14. Isang paraan ng pagdudulot ng pagkabalisa sa pamamagitan ng paulit-ulit na karahasan na direktang laban sa estado.
    A. Coup ‘de etat
    B. terorismo
    C. rebolusyon
    D. jihad

15. Karamihan sa mga terorista ay bihasa sa mapanganib na sining ng digmaang__________.
    A. militar
    B. gerilya
    C. hijacking
    D. sabotahe

16. Pinaghihinalaang responsible para sa pagpapasabog ng World Trade Center at Pentagon noong ika-11 ng Setyembre, 2001
    A. Al-Queda
    B. Abu-Sayyaf
    C. Moro National Liberation Front (MNLF)
    D. Moro Islamic Liberation Front (MILF)


17. Isa itong pananaw na kakikitaan ng di-pantay na pagtingin sa bahaging ginagampanan ng mga kababaihan at kalalakihan sa lipunan batay sa kanilang kasarian.
    A. Diskriminasyon
    B. Rasismo
    C. “Prejudice”
    D. Sexismo

18. Ang bansang ________ ang may pinakamalaki at pinakamabilis lumaking populasyon ng matatanda sa Asya.
    A. Hapon
    B. Singapore
    C. Pilipinas
    D. China

19. Ang sakit na ito ay nagpapahina ng resistensya ng mga taong apektado nito kung kaya't maaari nilang ikamatay ang pinakasimpleng sakit tulad ng trangkaso.
    A. Meningococcemia
    B. Parkinsons Disease
    C. HIV/AIDS
    D. Bird-flu

20. Ito ay tumutugon sa mabilis na pagtaas ng temperatura sa daigdig sanhi ng akumulasyon ng carbon dioxide at singaw ng mainit na hanging napigil ng masa ng malamig na hangin sa loob ng daigdig.
    A. Global warming
    B. Ekosistem
    C. Greenhouse effect
    D. Hot spots


**ARALIN 1**
**KARAPATANG PANTAO**



*"Nakalipad na tayo sa himpapawid na parang mga ibon at natawid na rin natin ang dagat na parang mga isda, subalit hindi pa natin natutuhan ang simpleng paglakad sa lupa bilang magkakapatid."*

Martin Luther King Jr.

Ang araling ito ay susuri sa pagsisimula ng pagtataguyod ng Karapatang Pantao sa Asya. Tatalakayin din ng araling ito ang konsepto ng karapatang pantao o "human rights" na nagmumula naman sa paniniwala sa dignidad at kahalagahan ng tao.



Matapos ang Araling ito, inaasahan na iyong:


Matatalakay ang pagtataguyod ng Karapatang Pantao sa mga sumusunod:

1. Asya-Pasipiko;
2. Hilagang-Silangang Asya;
3. Timog Asya;
4. Timog Silangang Asya; at
5. Pasipiko



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Itala ang mga kataga o salita na naglalarawan sa iyo bilang tao. Sumulat ng sampu. Maaari mong basehan ang pinagkaiba ng tao sa hayop at ilang bagay.



**A. Ako bilang tao ay:**

❖ ______________________________

❖ ______________________________

❖ ______________________________

❖ ______________________________

❖ ______________________________

B. Ano ba ang komunidad na iyong kinabibilngan. Maaari mo itong iguhit at gamitan ng mga simbolo kung kinakailangan. Sikapin mong ipaliwananag kung paano ang iyong komunidad ay hinubog ang iyong kakayahan at kasanayan bilang isang tao.

C. Kung ikaw ang pamimiliin o bibigyang pagkakataong magplano, ano kayang uri ng komunidad ang maaring humubog sa kakayahan, kagalingan at katatagan ng isang indibidwal.

**Karapatang Pantao**

**Pagsisimula ng Pagtataguyod ng Karapatang Pantao sa Asya-Pasipiko**

Naging maigting ang pagtataguyod sa karapatang-pantao sa Asya-Pasipiko noong dekada 70 bilang tugon sa pulitikal, panlipunan at pang-ekonomiyang kalagayan sa rehiyon. Sa panahong ito umusbong ang iba't ibang samahan na pinangungunahan ng mga manananggol, mga pinunong pulitikal at iba pang intelektwal at mga propesyunal na ang layunin ay labanan ang mga paglabag sa karapatang-pantao na noon ay lumalaki na ang bilang.

Ang dekada 70 ay maituturing na panahon ng digmaan. Nariyan ang tunggalian ng India at Pakistan para sa Kashmir, ang Silangang Pakistan laban sa Kanlurang Pakistan, ang Digmaang Vietnam at ang mga Afghan kontra sa mga mananakop na Unyong Sobyet.

Sa aspetong pulitikal, karamihan sa mga bansa sa Asya noong dekadang banggit ay pawang mga awtoritaryan, bagaman may mangilan-ngilan namang nasa ilalim ng mga Monarko gaya ng mga bansa sa Timog-Kanlurang Asya. Ilan sa mga bansang yumakap sa awtoritaryanismo ay ang India sa pangunguna ni Indira Gandhi, ang Malaysia at ang Pilipinas sa ilalim ng diktaturyang Marcos - ng pambansang seguridad at bilang proteksyon sa anumang napipintong kaguluhan.

Ang dalawang ito - ang digmaan at pamunuang awtoritaryan - ay nagbunga ng maraming insidente ng pagpatay (pinakapopular nga sa mga ito ay ang maramihang pagpatay sa Cambodia sa ilalim ng Khmer Rouge ni Pol Pot), di-makatarungang

paghuli at pagdetina, at pagsupil sa karapatan sa pagpapahayag at pagbubuo ng mg samahan - maliwanag na paglabag sa mga karapatang-pantao.

Sa aspetong pang-ekonomiya, kakikitaan ang mga bansa sa Asya ng kaunlaran at industriyalisasyon. Subalit sa kabila ng pag-unlad na ito ay nagpatuloy pa rin ang mga kaso ng paglabag sa mga karapatan ng mga mamamayan. Nariyan ang pagsupil sa mga samahan ng mga manggagawa at pag-iisantabi sa mga magsasaka, mangingisda at mga katutubo upang bigyang daan ang mga proyektong para sa pambansang kaunlaran.

Maraming mga bansa sa Asya ang may maigting na pagnanais na umunlad at upang maisakatuparan ito, maraming mga hakbangin ang ginawa ng mga ito. Ilan nga rito ay ang pagbubukas nila sa mga dayuhang mamumuhunan at ang pagtatayo ng mga naglalakihang pamilihan at pagsasaayos sa transportasyon at komunikasyon.

Oo nga at ang mga hakbanging ito ay nakatulong upang makamit ang pangarap na pag-unlad subalit sa likod ng mga ito ay ang mga kuwento ng paghihirap kapalit ng sinasabing pag-unlad.

Ang turismo ay isang mainam na instrumento tungo sa pag-unlad ng isang bansa at di-maikakaila na napakalaking bagay ang nagagawa nito. Gayunman, mayroon rin itong di-mabubuting ibinubunga. Bukod sa pagkasira ng kapaligiran, ang turismo rin ang isa sa mga dahilan ng paglaganap ng prostitusyon yamang ang mga turista ang pangunahing patron nito at mula nga sa prostitusyon ay ang paglalaganap ng iba't ibang uri ng sakit gaya ng HIV/AIDS.

Sa pagdating ng dekada 90 maraming mga mahahalagang pagbabago ang naganap sa Asya bagaman maraming bansa sa kontinente ay nakaranas ng suliraning pang-ekonomiya. Ilan nga sa mga pangyayaring nagdala ng malaking pagbabago ay ang pagwawakas ng tinatawag na “Cold War”, paglawig ng karapatan ng media, pagkakakulong sa mga mapang-abusong pinuno at inobasyon sa teknolohiya.

Subalit sa kabila ng mga pangyayaring nabanggit ay patuloy pa rin ang mga paglabag sa karapatang-pantao. Gayunman maraming hakbangin ang ginawa at samahang naitatag bilang tugon sa mga nasabing paglabag. Ilan nga dito ay ang World Congress on Human Rights sa Vienna noong 1993, World Conference on Women sa

Beijing noong 1995 at ang pagpupulong ukol sa pang-aabusong sekswal sa mga bata noon namang 1996 sa Stockholm.

Sa kasalukuyan ay patuloy pa rin ang ginagawang hakbang laban sa paglabag sa mga Karapatang Pantao. Ito nga ay di-lamang kinabibilangan ng pamahalaan kundi maging ng mga NGO at naglalakihang ahensiyang tulad ng UNICEF at UNDP.

**Hilagang-Silangang Asya**

Ang bansang Tsina ang itinuturing noon na pinakamakapangyarihang bansa sa rehiyong Hilagang-Silangan ng Asya. Subalit ang pamamayagpag na ito ay nahigitan pa ng bansang Hapon na di-naglaon ay siya ng naging pinakamakapangyarihang bansa sa rehiyon.

Kasabay ng pag-unlad ng Hapon ay ang paglakas ng aspetong military nito na nagbunga naman ng maraming pananakop. Una sa mga kalapit-bansa lamang nito at sumunod ay sa mga bansang nasa bahaging Timog-Silangan ng Asya.

Ang pananakop na ito ay nagbunga ng maraming insidente ng pagpatay gayundin naman ng pagkakaisa ng mga ari-arian. Sa pagtatapos ng pananakop ng bansang Hapon, hiniling ng mga bansang nasakop nito ang kabayaran para sa mga nagawa nito subalit ito ay di-napagbigyan ng bansang iyon.

Ang Hilagang-Silangang Asya ang rehiyong kinaroroonan ng ilan sa pinakamatandang kultura sa daigdig. Subalit ang kulturang ito ang siya pang nagbunsod ng ilang insidente ng paglabag sa karapatang pantao. Halimbawa nga rito ay sa Korea kung saan higit na pinahahalagahan ang mga lalaki kaysa mga babae. Sa Tsina, kinikitil ang buhay ng mga sanggol na babae dahil mas pinapaboran ng mga Tsino ang pagkakaroon ng sanggol na lalaki.

Ang ganitong mga gawain ay maliwanag na diskriminasyon sa mga kababaihan. Subalit ang diskriminasyon sa rehiyon ay di-lamang limitado sa mga kababaihan sapagkat nararanasan rin ito ng ilang grupo ng tao gaya ng mga tinatawag na Buraku-min ng bansang Hapon at ang mga Ainu na matatagpuan rin sa Hapon.

Ang diskriminasyon ay laganap sa rehiyon subalit hindi lamang ito ang paglabag sa karapatang-pantao na makikita sa Hilagang-Silangang Asya. Nariyan ang pag-aresto

at pagkukulong sa mga sibilyan kahit pa wala itong anumang pagkakasala, di-makatarungang pagtrato sa mga preso at sa mga akusado, pagdetena kahit na walang anumang paglilitis na ginagawa at ang kawalan ng sapat na prayoridad sa mga matatanda't may kapansanan.

Sa kabila ng yamang angkin ng mga bansang kabilang sa Hilagang Asya at sa maraming isyu ng paglabag sa karapatang pantao, hindi pa rin nabibigyan ng sapat na pansin ang mga bagay ukol sa karapatang pantao

**Timog Asya**

Sa populasyon nitong higit sa isang bilyon, ang Timog Asya ang isa sa mga pinakamataong rehiyon sa kontinente. Sinasabi ng ilan na ang yamang-tao ang isa sa pinakamahalagang yaman ng isang bansa ngunit ang pahayag na ito ang mismong kabaligtaran para sa mga bansa sa nasabing rehiyon sapagkat kaalinsunod nito ay ang iba't ibang suliraning kinakaharap ng mga nasyong may malalaking bilang ng tao.

Isa na nga rito ay ang kahirapang nagbubunga ng dalawang bagay: ang pagtatrabaho ng mga bata sa kabila ng kanilang murang edad upang may maitustos lamang sa kanilang pamilya at ang kamangmangan.

Oo nga at ang kahirapan ang isa sa pinakamalaking sakit ng ulo sa rehiyon dahil mula rito ay iba't iba pang pahirap sa mga mamamayan. Gayunman, may isang suliranin na dapat ring pagtuunan ng pansin sa rehiyon at ito nga ay ang diskriminasyon.

Ang diskriminasyon ay maaaring ituring na labag sa karapatang pantao at mula nga dito ay mga patung-patong pang insidente ng paglabag sa nasabing karapatan.

Ilan sa mga grupong nakaranas ng diskriminasyon ay ang mga Dalit na dahil sa mababang pagtingin sa kanila ay nakararanas ng mga pang-aabuso. Upang matakasan ang ganitong kapalaran, marami sa mga Dalit ang nagpapakonberte sa Budismo.

Bukod sa mga Dalit, ang mga Muslim at Hindu ay nakararanas rin ng diskriminasyon subalit ito ay sa pagitan naman ng dalawa.

Ang mga kababaihan ay nakararanas rin ng diskriminasyon sapagkat pagdating sa edukasyon, ang higit na binibigyang prayoridad upang matuto ay ang mga

kalalakihan. Bukod sa diskriminasyon, ang mga kababaihan ay nakararanas rin ng mga pang-aabusong pisikal at sekswal. Ang mga babaeng manunukat na tumutuligsa sa mga gawaing ito ay tinatakot upang manahimik na lamang.

Ang SAARC o ang South Asian Association for Regional Cooperation ay itinatag ng mga bansa sa Timog Asya noong 1985 upang tugunan ang mga pulitikal, panlipunan at pang-ekonomiyang mga suliraning kinakaharap ng rehiyon ngunit tulad ng ibang organisasyon, hindi sapat ang atensiyong ibinibigay rito sa mga bagay na may kinalaman sa karapatang pantao.

**Timog-Silangang Asya**

Tulad ng iba pang rehiyon di-lamang sa Asya kundi sa buong mundo, ang Timog Silangang Asya ay batbat ng insidente ng paglabag sa karapatang pantao at ito nga ay makikita sa mga manggagawa mula sa ibang bansa na nakararanas ng iba't ibang uri ng pang-aabuso sa kamay ng kanilang mga dayuhang amo. Mayroon sa kanila ang sinasaktan, pinapatay o di-kaya ay napapasailalim ng prostitusyon.

Ang diskriminasyon ay laganap rin sa rehiyon at ito ay nararanasan ng mga katutubo na di-gaanong binibigyang pansin at suporta ng kanilang mga pamahalaan. Ang mga taong ito ay madalas na naisasantabi ukol sa mga usaping may kaugnayan sa kanilang karapatan kapalit ng mga programa ng pamahalaan at mga naglalakihang kompanyang nakahandang magbayad ng buwis. Madalas rin na ang mga taong ito ay nakararanas ng panggugulo mula sa kapulisan at iba pang opisyal ng pamahalaan.

Ang military at ang pulisya ang siyang naatasan upang ipagtanggol ang mga mahihina at naaapi. Ngunit kung minsan, ang mga tao pang ito ang lumalabag sa batas at umaabuso sa mga taong dapat sana ay pinaglilingkuran nila. Ang mga insidente nga ng pang-aabuso at paglabag sa karpatang-pantao ay nagaganap sa mga pagkakataon kung saan kakaunting panahon lamang ang ibinibigay ng pamahalaan upang maresolba ang isang krimen. Ang kapulisan, upang matugunan at makaabot sa taning na ibinigay ng gobyerno ay basta-basta na lamang dumarampot ng kung sinu-sino may maiharap lamang sa husgado kahit pa inosente ito.

Sa kasalukuyan ay mayroong mga grupong nangangasiwa sa mga usaping ukol sa karapatang pantao sa mga bansa sa timog-silangang Asya subalit ang mga grupong ito ay nakararanas ng di-makatwirang pagtrato mula sa pamahalaan dahil ang mga kasong kadalasang kanilang hinahawakan ay may kaugnayan sa gobyerno. Ang ASEAN ay bigo namang tugunan ang mga isyung may kinalaman sa karapatang pantao dahil sa kawalan nito ng sapat na prayoridad para rito.

**Pasipiko**

Ang rehiyong ito ay binubuo ng mga bansang Australya, New Zealand, Papua New Guinea at kung ilang mga pulong dating teritoryo ng mga bansang Kanluranin subalit ngayon ay mayroon nang sariling pamahalaan bagaman ang mga bagay-bagay na may kaugnayan sa pambansang pagtatanggol ay hawak pa rin ng mga bansang dating umokupa sa kanila.


Ang kahirapan ay hindi isang malaking suliranin sa rehiyon. Ang siyang tunay na nagpapahirap sa mga bansang kabilang sa rehiyon ay ang mga sakunang dala ng kalikasan at pangangasiwa sa mga duming nukleyar. Isa ring suliranin ng mga bansang ito ay ang pagkakalayo nila mula sa ibang bansa na siyang nagsisilbing hadlang sa pag-unlad ng kanilang ekonomiya.

Bukod sa mga bagay na nabanggit, isa pang suliranin ng ilang bansa sa Pasipiko ang panloob na kaguluhan- mga pag-aaway sa pagitan ng mga katutubo ng bansa na madalas ay nauuwi sa kamatayan ng mga sibilyan at mga insidente ng paglabag sa karapatang –pantao. Ilan ngang halimbawa rito ay ang insidente sa Fiji sa pagitan ng mga katutubo ng bansa at ng mga mamamayan nito na may dugong Indian at sa mga Isla ng Solomon sa pagitan naman ng Mabitan at mga Guale na nagnanais na paalisin ang una mula sa kanilang isla.

Ang usapin ukol sa karapatan ng mga katutubo ay nananatili rin at sa loob nga ng mahabang panahon, ang mga tao ay nakaranas ng maraming paghihirap. Gayunman, ang pangunahing usapin sa Pasipiko ay ang isyu tungkol sa pagpapasabog ng mga bombang nukleyar sa rehiyon. Bukod sa mga pangkalusugan at pangkapaligirang ibinubunga nito, ang pagpapasabog na ito ay naglalayo sa mga

katutubo mula sa lugar na kinagisnan na nila. Bagaman ang mga taong ito ay binigyan ng salapi bilang kabayaran sa pagkakalayo nila mula sa kanilang mga tahanan, napag-alamang ang pondong inilaan dito ay di-sapat.

Sa kasalukuyan ay mayroong isang kasunduang tinatawag na South Pacific Nuclear Free Zone Treaty ang nilagdaan ng mga bansang nasa Pasipiko at ito nga ay sinang-ayunan ng tatlong bansang gumawa ng mga pagpapasabog ng mga bombang nukleyar sa rehiyon.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Isulat sa tapat ng bawat artikulo ang O (bilog) kung ito ay nagsasaad ng karapatang pundamental, △ (tatsulok) kung karapatang sibil at pulitikal at □ (parisukat) kung tumutukoy sa karapatang kultural, panlipunan at pangkabuhayan.

**Bakit Mahalaga Ang Mga Karapatang Ito?**

Ang “Universal Declaration of Human Rights” ay isang napakagandang dokumento na kumikilala sa dignidad at pantay na karapatan ng mga tao bilang pundasyon ng katarungan at kapayapaan. Narito ang mga artikulong napapaloob sa “Universal Declaration of Human Rights”.

Ngayon, samakatuwid, ang Pangkalahatang Kapulungan ay nagpapahayag ng Pandaigdig na Pagpapahayag na ito ng mga Karapatan ng Tao bilang pangkalahatang pamantayang maisasagawa para sa lahat ng tao at bansa, sa layuning ang bawat tao at bawat galamay ng lipunan, na laging nasa isip ang pahayag na ito, magsikap sa pamamagitan ng pagtuturo at edukasyon na maitaguyod ang paggalang sa mga karapatan at kalayaang ito at sa pamamagitan ng mga hakbang na pagsulong na pambansa at pandaigdig, ay makamtan ang pangkalahatan at mabisang pagkilala at

pagtalima sa mga ito, maging ng mga mamamayan ng mga kasaping Estado at ng mga mamamayan ng mga teritoryo na nasa ilalim ng kanilang nasasakupan.

______ Artikulo 1 – Karapatang maging pantay-pantay
______ Artikulo 2 – Kalayaan laban sa diskriminasyon
______ Artikulo 3 – Karapatan sa buhay, kalayaan, at kapanatagan sa sarili
______ Artikulo 4 – Kalayaan laban sa pang-aalipin
______ Artikulo 5 – Kalayaan laban sa malupit at di-makataong parusa
______ Artikulo 6 – Karapatang kilalanin bilang tao sa harap ng batas
______ Artikulo 7 – Karapatang maging pantay-pantay sa harap ng batas
______ Artikulo 8 – Karapatan sa mabisang lunas ng mga hukumang pambansa
______ Artikulo 9 – Kalayaan laban sa di-makatwirang pagdakip o pagpapatapon
______ Artikulo 10 – Karapatan sa makatwirang paglilitis
______ Artikulo 11 – Karapatang ituring na walang sala hanggang hindi napapatunayang nagkasala
______ Artikulo 12 – Kalayaan laban sa di-makatuwirang panghihimasok sa pananahimik, pamilya at pakikipagsulatan
______ Artikulo 13 – Kalayaan sa pagkilos at paninirahan sa loob ng mga bansa
______ Artikulo 14 – Karapatang magtamasa ng pagpapakupkop laban sa pag-uusig (asylum)
______ Artikulo 15 – Karapatan sa isang pagkamamamayan (citizenship)
______ Artikulo 16 – Karapatang mag-asawa at magpamilya
______ Artikulo 17 – Karapatang mag-angkin ng ari-arian
______ Artikulo 18 – Kalayaan sa pag-iisip at relihiyon
______ Artikulo 19 – Kalayaan ng pagkukuro at pagpapahayag
______ Artikulo 20 – Kalayaan sa mapayapang pagpupulong at pagsasamahan
______ Artikulo 21 – Karapatang makilahok sa pamahalaan at sa malayang pagboto
______ Artikulo 22 – Karapatan sa kapanatagang panlipunan
______ Artikulo 23 – Karapatan sa paggawa at pag-anib sa unyon
______ Artikulo 24 – Karapatan sa pamamahinga at paglilibang
______ Artikulo 25 – Karapatan sa sapat na kalusugan, pagkain, pananamit at

paninirahan

______ Artikulo 26 – Karapatan sa edukasyon

______ Artikulo 27 – Karapatang makilahok sa buhay pangkalinangan

______ Artikulo 28 – Karapatan sa kaayusang panlipunan kung saan ang pahayag na ito ay maisasakatuparan

______ Artikulo 29 – Tungkulin ng pamayanan tungo sa ganap na pagkaunlad ng pagkatao

______ Artikulo 30 – Kalayaan laban sa pagsira ng Pahayag na ito mula sa alinmang estado o pangkat.



**Tandaan Mo!**

- Ang mga karapatang pantao o "human rights" ay mga karapatang kumikilala sa pagkatao natin at sa ating pangangailangan na umunlad nang buo at ganap.
- Ang lahat ng tao'y isinilang na Malaya at pantay-pantay sa karangalan at mga karapatan.
- Naging maigting ang pagtataguyod sa karapatang pantao sa Asya bilang tugon sa pulitikal, panlipunan at pang-ekonomiyang kalagayan sa rehiyon.
- Ang diskriminasyon ay may iba't-ibang anyo gaya ng diskriminasyon batay sa kulay ng balat o rasismo; batay sa grupong etniko at relihiyon at diskriminasyon sa mga kababaihan at ibang uri ng kasarian, at katayuan sa lipunan.
- Humaharap naman sa labis na kahirapan ang mahigit na 80% ng populayon ng mundo at malaki ring usapin ang pagkasira ng kalikasan dahil sa sistematikong pag-aabuso nito, particular ng mga patakarang pang-ekonomiya.
- Isa ring usapin ang digmaang terorismo at ang malaking pinsalang naidulot nito.
- Globalisasyon



**Gawain 3: Paglalapat**

Buuin ang talahanayan sa ibaba. Ito ang magsisilbing gabay upang lubusan mong malaman kung ang iyong mga karapatan ay naisulong, napahalagahan at naprotektahan.

| KATANGIAN NG TAO | KATANGIAN NG ATING KASALUKUYANG LIPUNAN | INAASAHANG KATANGIAN NG LIPUNAN |
|---|---|---|
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |

## ARALIN 2
## TERORISMO- KALIGTASAN AT KARAPATANG PANTAO




Ang krimen ay nararapat lamang na ituring na isang pandaigdigang salot at hindi bilang isang mumunting suliranin. Araw-araw ay hindi mabilang ang krimen tulad ng pananalakay, pagnanakaw, paninira at iba pang pangyayaring nagaganap sa iba't ibang panig ng mundo.

Karahasan ang pinakalaganap at pinakakaraniwang uri ng paglabag na nagaganap. Sa iba't ibang panig ng mundo, may mga indibidwal o pangkat na natatakot lumaban sa kanilang tahanan dahil sa karahasang maaaring mangyari sa kanila. Sinasabing maging sa loob ng sariling tahanan hindi na rin ligtas ang sinuman.

Ang banta ng karahasan at ang tuwirang paggamit nito ay karaniwang bunsod ng mga bagay na may kaugnayan sa pulitika, relihiyon o idelohiya at madalas ay

ginagawang instrumento ang mga ito upang, kung hindi man takutin, ay gawing sunud-sunuran ang pamahalaan at lipunan.

Tatalakayin ng araling ito ang kahulugan ng salitang terorismo, kasaysayan ng terorismo, pangkat ng mga terorista, at iba't ibang uri ng terorismo.



Matapos ang Araling ito, inaasahan na iyong:

1. Maipapaliwanag ang kahulugan ng salitang terorismo;
2. Masisiyasat ang kasaysayan ng terorismo;
3. Masusuri ang iba't-ibang pangkat ng terorista; at
4. Mabibigyang kahulugan ang iba't ibang uri ng terorismo.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Panuto: Ilagay sa kanang bahagi ang pangyayari na nagpapakita ng terorismo at sa kaliwang bahagi naman, ang mga pangyayaring hindi maituturing na gawaing terorismo.

- Pagbomba noong ika-11 ng Setyembre, 2001
- Pagsalakay ng bansang Afghanistan
- Paglusob ng bansang Iraq
- Suicide bombing sa bansang Israel
- Pagkamkam sa West Bank ng grupong Israeli
- Pagbobomba sa Lunsod ng Cotabato, sa Pilipinas
- Pagsalungat ng Seattle, Washington laban sa WTO
- Kilos ng pagtutol sa Cancun, Mexico
- Kalupitan sa Aceh, Indonesia
- Walang awang pagpatay sa bansang Columbia

❖ Lahat ba ng mararahas o bayolenteng gawain ay maituturing na terorismo?

## Terorismo, Kaligtasan at Karapatang Pantao

Ang terorismo ba ay isa lamang kalupitan o karahasang di pinag-uusapan? Hindi. Ang mga eksperto ay naniniwala na palagiang mayroong istratehiya sa likod ng gawaing terorismo. Ito man ay sa pamamagitan ng pambobomba, pamamaril, hijackings, o pataksil na pagpatay, ang terorismo ay hindi pa rin maituturing na padaskul-daskul o likas at lalong hindi ito bulag. Ito ay isa lamang pasadyang paggamit ng karahasan laban sa mga sibilyan para sa layuning political at relihiyon.

## Mayroon bang kahulugan ang terorismo?

Kahit maraming mamamayan ang naka-aalam o matutukoy ang terorismo kapag ito'y kanilang nakita, nahihirapan pa rin ang mga eksperto na bumuo ng isang matibay na depinisyon. Ang U.S. State Department ay nagsabing ang terorismo ay isang "pagkilos na pinaghandaan, kaguluhang inudyukan ng pulitika upang isakatuparan laban sa mga walang kalaban-laban na mga grupo sa pamamagitan ng mga lihim na ahensiya o subnational groups, na kadalasang may layuning impluwensiyahan ang mga manonood." Si Paul Pillar, dating punong deputado ng CIA's Counterterrorist Center, ay nagsabing mayroong apat na elemento ang mga gawaing terorismo:

1. Ito ay pinaghandaan ng mabuti at hindi pabigla-biglang pagkilos bunga ng matinding galit.
2. Ito ay politika't hindi kriminal na maituturing tulad ng ginagawa ng grupong Mafia upang sila'y makakuha ng salapi, bagkus, ito ay idinesenyo upang baguhin o palitan ang kasalukuyang sistema ng gobyerno.
3. Ito ay ukol sa mga sibilyan at hindi para sa mga grupong military o combat-ready group.
4. Ito ay pinasisinayaan ng mga grupo sa ilalim ng bansa subalit hindi ng mga bantay o sundalo ng isang bansa.

**Kaligirang Historikal ng Terorismo**

Ang konsepto ng Terorismo o pananakot ay hindi na bago at ginagamit na noon pa mang una. Ang kasaysayan ay batbat ng halimbawa ng mga indibidwal, grupo ng tao at madalas ng mga pinuno na gumagamit ng mga gawa ng terorista dahil sa iba't-ibang kadahilanan. Isang magandang halimbawa nga rito ay ang mga Palestinong Jewish Zealots na gumamit ng malateroristang pamamaraan noong unang siglo sa kanilang pinagpupunyaging makalaya mula sa kamay ng Roma. Sumunod rito ay ang grupong kung tawagin ay Kalipunan ng mga Mamamatay-Tao o ang Hashahasin (dito nanggaling ang salitang "assassin") ng ika-sampung siglo. Ito ay isang lihim na samahan na pinamamahalaan ng mga tinatawag na mullah at tulad ng mga Palestinong Jewish Zealots, ang grupong ito ay gumamit rin ng malateroristang pamamaraan subalit ito ay para sa pagpapalaganap naman ng relihiyong Islam sa Gitnang Silangan. Noong ikalabing-walong siglo, ang kilalang pinunong Pranses na si Robespierre ay gumamit rin ng ganoon ring pamamaraan (sa pamamagitan ng guillotine) upang wakasan ang pamumuno ng mga maharlika ng Pransya at ito nga ay namalas sa ginawang pagpapapatay sa iba't ibang paraan ng may 40,000 katao.

Sa pagbubukas ng kasalukuyang siglo, tinangka ng sosyalistang rebolusyonaryong mga Ruso na gumamit ng mga taktikong tulad ng sa mga naunang grupong nabanggit upang patalsikin ang emperador ng Rusya mula sa kapangyarihan. Sa kasamaang palad, ang nasabing grupo ay napatalsik naman ng mga Bolshevik na gumamit ng terorismo at ng lakas ng masa sa halip na terorismo lamang.

Ang mga terorista ay naniniwala at tinatangkilik ang ideyang "Ang panic (o pagkatakot) na bunsod ng isang gawa ay mainam na instrumento para sa propaganda".-isang konseptong maaring iugnay sa isang matandang kasabihan ng mga Intsik na nagsasabing "Kitilin mo ang buhay ng isa at ito ay magdadala ng takot sa isang laksa." (Kill one and frighten all).

Karamihan sa mga terorista ay bihasa sa mapanganib na sining ng digmaang gerilya (guerilla warfare). Ang mga taong ito ay sumasailalim sa mga mahihigpit na pagsasanay bilang paghahanda sa kanila sa iba't ibang sitwasyon at kondisyong maaari nilang suungin o kaharapin. Sila ay dalubhasa sa pagsasabotahe at mahusay sa

paghawak ng kahit na anumang uri ng armas at pampasabog. Bukod pa rito, ang mga terorista ay mayroon ring kaalaman pagdating sa paggamit kahit pa sa pinakasopistikadong gamit pangkomunikasyon.

Ang mga terorista ay kumikitil ng buhay nang walang kaabog-abog o anumang tanda ng pagsisisi. Maihahalintulad ang mga ito sa isang kobra na tumutuklaw na lamang basta-basta na walang anumang babala. Maingat nilang pinaplano at isinasakatuparang mabuti ang bawat barbarong galaw. Inaalam nilang mabuti ang kapaligirang kanilang gagalawan at bago pa man isagawa ang anumang hakbangin ay pinaghahandaan na ang pagtakas na gagawin.

“Walang puwang sa kanila ang pagkakamali.”

**Ang mga naghahasik ng lagim o yaong mga taong gumagawa ng mga gawaing makaterorista ay nahahati sa tatlong pangkat, at ito ay ang mga sumusunod.**

1. **Crusaders-** ito ay tumutukoy sa mga indibidwal o mga grupong itinulak ng kanilang mga ideya at paniniwala sa mga gawang terorismo. Dito nabibilang ang mga grupong terorista at ekstremista.

2. **Criminals**- ang gawang makaterorista sa pangkat na ito ay bunsod ng personal na interes at walang anumang bahid ng layuning pulitikal. Pangingidnap, pagnanakaw, panloloob, panghahaydyak, pangangarnap at pangingikil ang kadalasang ginagawa ng mga ito. Gayunman, mayroong mga insidente ng krimen na bunsod ng maagap na pagresponde ng mga alagad ng batas sa mga pangyayaring gaya ng pagnanakaw at panloloob at ito nga ay yaong tinatawag natin na “hostage taking”.

3. **Crazies**- dito napapasailalim ang mga taong may suliranin sa pag-iisip na nakagagawa lamang ng mga gawang terorista sa panahong umaatake ang kanilang sakit. Sa lahat ng uri ng terorista, sinasabing ang mga ito ang pinakamahirap pakitunguhan at dito nga maaaring ihanay ang mga taong lulong sa ipinagbabawal na gamot, mga taong salat sa pansin at mga taong di-kuntento at may hinanakit sa dati nilang trabaho. Karamihan sa mga taong ito ay pabigla-bigla

ng kilos bagaman may mangilan-ngilan sa kanila ang napipilitan lamang na gawin ang mga bagay na yaon. Dito na sa grupong ito maihahanay ang mga taong nag-iilusyong mga sugo sila ng langit.

**URI NG TERORISMO**

Mayroon bang iba't ibang uri ng terorismo?

Ang mga eksperto ay nagbigay ng anim na uri ng terorismo: nationalist, religious, state-sponsored, left-wing, right-wing at anarchist.

- Ano ang terorismong nationalist?

Ang mga nasyonalistang terorista ay naglalayong humingi ng hiwalay na estado para sa kanilang grupo, kadalasan sa pamamagitan ng pagpukaw ng atensiyon para sa isang laban ukol sa "national liberation" na sa kanilang palagay ay ipinagsasawalang bahala. Ang ganitong terorismo ay isa sa pinakamatagumpay sa pagkuha ng simpatiya sa pagpayag ng kinauukulan. Ang mga eksperto ay nagsasabing ang terorismong nationalist ay upang sukatin ang paggamit ng dahas upang gumamit lamang ng tama upang ipako ang atensyon ng buong mundo subalit hindi naman labis upang hindi maihiwalay ang kanilang mga taga-suporta sa ibang bansa at maging ang mga miyembro ng kanilang sariling komunidad.

- Ano ang mga ilang halimbawa ng nationalist terrorist groups?

Kabilang sa Nationalist terrorist group ay Irish Republican Army at Palestine Liberation Organization, dalawang grupong nagsabing tinalikdan na nila ang terorismo. Ang iba pang halimbawa ay ang Basque Fatherland and Liberty, na nagnanais na bumuo ng Basque Homeland na hiwalay sa Espanya, at ang Kurdistan Worker's Party, na naglalayong bumuo ng Kurdish State hiwalay rin mula sa Turkey. Ang mga naunang teroristang nationalist ang ihiniwalay ang sariling colonial rulers. Kabilang dito ang grupong Qrgun at ang National Liberation Front (salungat sa French rule sa Algeria noong 1950's).

- Ano ang religious terrorism?

Ang religious terrorist ay gumagamit ng karahasan upang itaguyod ang kanilang pinaniniwalaang makalangit o para sa Diyos, kadalasang ukol sa mga malawak na kategorya ng mga katunggali upang magkaroon ng pagbabago. Ang mga religious terrorist ay nagmumula sa iba't ibang pangunahing pananampalataya at maging sa maliit na Kulto. Ang ganitong uri ng terorismo ay mabilis na umuunlad, ayon kay Bruce Hoffman ng RANA think tanks. Noong 1995 (ang pinakamaagang taon kung kelan mayroong makukuhang istatistika), kalahati mula sa 56 na kilala at aktibong international terrorist groups ay sinasabing may layuning relihiyoso. Dahil sa ang mga religious terrorist groups ay hindi naglalayong sumalungat sa mga nabubuong ibang kapanalig o kaparehong paniniwala, kundi magsulong ng kanilang sariling pananaw ukol sa mga bagay na makalangit o sa utos ng kanilang pinaniniwalaang Diyos, nasabi tuloy ng mga eksperto na kulang sila ng pangunahing pagtitimpi na itinadhana ng kasaysayan bilang limitasyon sa sakop ng mga pag-atake ng terorismo. Ayon nga kay Hoffman, ang pinakamalubhang maaring maibigay ng religious terrorist ay "halos walang patid na karahasan laban sa tunay na aperended category ng mga targets: ito ay, sinumang hindi kasapi ng mga teroristang maka-relihiyon o religious sect."

- Ano ang ilang halimbawa ng religious terrorist group?

Kabilang dito ang Osama Bin Laden's Al Queda Network, ang Palestinian Surone Muslim Organisasyon Hamas, ang Lebanese Shiite group Hezbollah, ang mga radikal na grupong Heswita na may kaugnayan sa yumaong si Rabbi Meer Kahase, ang mga Israeli extremist Baruch Goldstein (siya ang gumamit ng machine gun sa pamamaril sa mga Muslim worshippers sa Hebron mosque noong 1994) at si Yrgal Amir (siya ang pataksil na pumaslang kay Prime Minister Yitzlaak Rabin noong 1995), at ilang mga Amerikanong white-supremacist militias at ang Aum Shrinrikyo, isang kultong naniniwala sa malapit na katapusan ng mundo na naninirahan sa Japan.

- Ano ang State-sponsored terrorism?

Ito ay grupong ginagamit ng mga estadong radikal bilang foreign policy tools. Ayon kay Hoffman, ito ay isang lihim na paraan upang bigyan ng presyo ang isang

digmaan, sa pamamagitan ng mga bayarang mandirigma o “guns for hire”. Isang mahalagang unang kaso ay ang gobyerno ng Iran kung saan ginamit ang mga batang militante upang agawin ang mga bihag sa embahada ng Amerika sa loob ng Tehran noong 1979. Dahil sa mataas na seguridad ng mga pinagkukunan, ang state-sponsored terrorist groups ay palaging may kakayahang magdulot ng mas nakamamatay na pag-atake kumpara sa ibang terorista, kabilang na ang pambobomba sa mga sasakyang panghimpapawid.

- Ano ang ilang halimbawa ng state-sponsored terrorist groups?

Kabilang dito ang Hezbollah (Iran), ang Abu Nidal Organization (tinalo ng Syria, Libya at Iraq, at ang Japanese Red Army (nagtrabaho para sa Libya sa isang kontrata).

- Ano ang left-wing terrorism?

Ang grupong ito ay naglalayong wasakin ang kapitalismo at palitan ito ng komunismo o pamahalaang sosyalista. Dahil nakikita nilang naabuso ang masa at nagdurusa bunga ng kapitalismo. Ang ganitong uri ng terorismo ay limitado lamang sa paggamit ng dahas upang maiwasang masaktan ang mga sibilyan na ninanais nilang iligtas at pangalagaan. Sila ang grupong nakapokus sa kidnapping at pambobomba ng mga monumento.

- Ano ang ilan sa mga halimbawa ng left-wing terrorism?

Ang Baadir-Meinhof Gray (Germany); ang Japanese Red Army, ang Uleathermen (1970’s Amerika) at ang Red Brigades (Italy) ay ilan sa halimbawa ng left-wing terrorist groups.

- Ano ang right-wing terrorism?

Ito ay kabilang sa mga hindi masyadong organisadong terorista, kadalasan iniuugnay sila sa lugar ng Neo-Nazi na kalimitang may kaguluhan, na matatagpuan sa Western Europe, lalo pa noong 1980’s. Ang grupong ito ay kadalasang maglalayong lumayo sa liberal democratic government at bumuo ng pulitikang makabansa sa kanilang lugar. Neofascist terrorist ang palaging umaatake sa mga immigrant at mga


taong takas sa sariling bansa na nanunuluyan sa mga umuunlad na bansa at parehong rascist at anti-Semitic.

➢ Ano ang anarchist terrorism?

Mula 1870’s hanggang 1920, ang anarchist terrorism ay isang pangunahing pangyayari sa buong mundo. Silang mga rebolusyonaryong nagnanais na lupigin o ibagsak ang nakatayong gobyerno ay nagbubunsod ng mga pagbobomba at pagpatay nang pataksil sa mga pinuno ng estado. Isang naging biktima ay ang dating pangulo ng Amerika na si President William Mckinley, na pinatay noong 1901 ng isang takas mula Hungary na naimpluwensiyahan ng mga sentimiyento ng anarchist. Ilan sa mga eksperto ay nakakita ng ilang pahiwatig na isang bagong interes mula sa karahasang dulot ng anarchist ay lilitaw mula sa mga protesta o pagsalungat ukol sa globalisasyon.

Konklusyon:

Ang terorismo ay naging bahagi, kasalukuyang bahagi at mananatiling bahagi ng kasaysayan ng tao. Sa paglipas ng panahon ay patuloy ang mga pagtatalo at hidwaan na nagaganap sa pagitan ng mga indibidwal at ang mga ito ay nauuwi lamang kadalasan sa armadong pakikipaglaban. Ang mga susunod na salinlahi ay wala nang iba pang mamamalas liban sa pag-angat at pagbagsak ng terorismo.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Saguting mabuti ang mga pahayag ayon sa mga sumusunod na pamantayan. Ipaliwanag ang iyong kasagutan.

Terorismo at Karapatang Pantao

1. Ang operasyon ng gobyerno laban sa terorismo ay humihikayat sa pagkakaroon ng diktadurya o batas military.
2. Ang operasyon laban sa terorismo ay lumalabag sa kapayapaan ng ating tahanan at pansariling ari-arian.

3. Ang operasyon laban sa terorismo ay umaayon o pumapayag sa pagbuti ng tao kahit walang “mandamiento de aresto”.
4. Ang operasyon ng gobyerno laban sa terorismo ay pumapayag na gumamit ng pagpapahirap sa mga pinaghihinalaang criminal.
5. Ang operasyon laban sa terorismo ay nagpapahintulot sa pagpatay sa mga pinaghihinalaang kriminal, nang hindi pinaaabot sa korte.
6. Ang operasyon laban sa terorismo ay kumikilala sa kagalingan ng proseso ng batas.
7. Ang operasyon ng gobyerno laban sa terorismo ay sumisikil sa karapatang mamahayag.
8. Ang operasyon laban sa terorismo ay sumasalungat sa karapatang maniwala sa kani-kanilang Diyos.



**Tandaan Mo!**

Apat na elemento ang bumubuo sa mga gawaing terorismo.

- Ito ay pinaghandaang mabuti at hindi pabigla-biglang pagkilos bunga ng matinding galit.
- Ito ay political at hindi kriminal, ito ay idinesenyo upang baguhin o palitan ang kasalukuyang sistema ng gobyerno.
- Ito ay ukol sa mga sibilyan at hindi para sa mga grupong military o combat-ready group.
- Ito ay pinasisinayaan ng mga grupo sa ilalim ng bansa subalit hindi ng mga bantay o sundalo ng isang bansa.

➢ Ang tatlong pangkat ng terorista ay ang mga tinatawag na crusaders, crazies at criminals.

➢ Ang anim na uri ng terorismo ay: nationalist, religious, state-sponsored, left-wing, right-wing at anarchist.



**Gawain 3: Paglalapat**


- Bakit nakasangkot ang Pilipinas sa paglaganap ng terorismo?
- Dapat bang ideklarang pandaigdigang terorista ang MILF? Kung oo, bakit? Kung hindi, pangatwiranan.
- Paano ka makatutulong bilang responsableng mamamayan? Magmungkahi ka nga ng mga iyong naiisip na epektibong pamamaraan.

**ARALIN 3**

**POPULASYON, LIKAS NA PINAGKUKUNANG-YAMAN AT KAPALIGIRAN**



Ang Asya ay sagana sa maraming likas na yaman. Subalit ang yamang ito ay nanganganib dahil sa industriyalisasyon, pagpapalawak ng mga sakahan at paglaki ng mga pook urban na pawang bunsod ng patuloy na paglaki ng populasyon at ng kaunlaran. May mga nagsasabing ang pangunahing dahilan sa pagkasira ng kapaligiran ay ang paglaki ng populasyon. Ayon naman sa iba, ang dapat sisihin dito ay ang industriyalisasyon, pag-aaksaya at mga pagbabagong dala ng isang papaunlad na ekonomiya. Ang lahat ng ito ay ating tatalakayin at tutuklasin sa araling ito. Bibigyang pansin din ng araling ito ang lumalaking bilang ng mga matatanda sa Asya.



Matapos ang Araling ito, inaasahan na iyong:

1. Matatalakay ang kaugnayan ng paglaki ng populasyon sa pagkawasak ng kalikasan;
2. Masusuri ang katotohanan na ang mabilis na pag-unlad ay ang paglaki ng bilang ng mga produktong nakokonsumo; at
3. Matutukoy ang mga suliranin tungkol sa urbanisasyon, mga suliranin sa kapaligiran at ang lumalaking bilang ng mga matatanda sa Asya.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Basahin ang tula ni Joyce Kilmer na pinamagatang "The Tree". Ano ang isinasaad ng tula? Ipahayag ang iyong damdamin pagkatapos mong mabasa ang nasabing tula.

- Bakit mahalaga na hindi makalbo ang ating kagubatan?

Trees

I think that I shall never see
A poem lovely as a tree.
A tree whose hungry mouth is prest
Against the earth's sweet flowing breast;
A tree that looks at God all day,
And lifts her leafy arms to pray;
A tree that may in summer wear
A nest of robins in her hair;
Upon whose bosom snow has lain;
Who intimately lives with rain.
Poems are made by fools like me,
But only God can make a tree.

(Joyce Kilmer, 1914)

## Lumalaking Bilang ng Populasyon

Ang paglaki ng populasyon ay mayroong malinaw na kaugnayan sa pagkawasak ng kapaligiran. Ang isang malaking populasyon ay nangangahulugan ng malaking pangangailangan para sa mga tinatawag na "basic needs" ng tao na tinutugunan naman ng kalikasan. Kung magiging masyadong malaki, maaari itong makasama, di-lamang sa pinagkuhaan kundi sa kumuha na rin.

Sa Asya, inaasahan ang paglaki ng bilang ng tao sa mga bansa sa Silangan, Timog-Silangan at Gitnang Asya, liban sa Hapon at Kazakhstan **(Table 2).** Doble o halos dodoble ang populasyon ng mga bansang Pakistan, Nepal, Bangladesh, Afghanistan, Cambodia at Laos samantalang magpapatuloy naman ang paglaki nito sa India, Indonesia, Iran, Malaysia, Mongolia, Myanmar, Pilipinas at Vietnam.

## Lumalaking Bilang ng Nakokonsumo

Kasabay ng mabilis na pag-unlad ay ang paglaki ng bilang ng mga produktong nakokonsumo. Pinatutunayan ito ng Asya na kinikilalang pinakamabilis umunlad na rehiyon sa mundo. Dito, ang bilang ng mga sasakyan ay dumodoble kada pitong taon. Sa Tsina at India, dalawa sa may pinakamalaking populasyon sa daigdig, inaasahang lalaki ng limang ulit ang bilang ng mga sasakyan sa susunod na 20 taon. Kung kaya't mula sa 25 milyon, aabot sa 132 milyon ang bilang ng mga sasakyan sa dalawang bansa bansa pagsapit ng 2020.

Bagaman tanda ng pag-unlad, may panganib na dulot ang paglaking ito ng mga sasakyan. Bukod sa pagsisikip sa daloy ng trapiko at pagtaas sa konsumo ng gasolinang tiyak ng ibubunga nito, maaari rin itong magdulot ng polusyon sa hangin dahil sa mga usok na ibinubuga ng mga ito.

**Kahirapan**

Mahirap mang isipin subalit ang kahirapan ay mayroon ring papel na ginagampanan sa pagkasira ng kapaligiran. Sa isang pagtataya, lumalabas na 900 milyong Asyano ang kumikita ng di-hihigit sa isang dolyar o limampung piso kada araw. Ilan sa mga Asyanong ito ay mga mahihirap na magsasaka na nilulubos-lubos ang anumang ibinibigay ng kalikasan upang matustusan ang pangangailangan ng pamilya. Bagaman nakakabuti sa mga gumagamit, nakakasama naman sa kalikasan ang gawaing tulad nito.

**Lumalaking Konsumo ng Enerhiya**

Ang patuloy na paglaki ng populasyon sa Asya ay nagresulta sa mabilis na pagkonsumo ng enerhiya sa rehiyon, bagay na maaaring makasama dahil bukod sa labis na paggamit sa mga natural na pinagkukunan upang tustusan ang pangangailangan sa enerhiya, maaari rin itong magbunga ng polusyon, lalo pa kung ang mga bansang malakas kumonsumo ay di-gumagamit ng non-polluting technology gaya ng Tsina na malaking bahagdan ng carbon dioxide ang inilalabas.

Sa kasamaang palad, ang mabilis na pagkonsumo ng enerhiya sa rehiyon ay magpapatuloy pa hanggang sa mga susunod na taon. Inaasahan na sa 2020, ang Asya ang magkakaroon ng pinakamalaking konsumo ng enerhiya sa daigdig.

**Urbanisasyon**

Dahil sa maramihang paglikas ng mga taga-lalawigan sa mga lungsod, ang Asya ngayon ang may pinakamabilis lumaking pook-urban sa mundo. Ayon sa tala ng UN, ang populasyon sa mga pook-urban sa rehiyon ay dodoble sa susunod na 30 taon kung kaya't pagdating ng 2030, ang kabuuang populasyon ng mga pook-urban dito ang magiging pinakamalaki sa buong daigdig.

Pagpasok ng 2025, inaasahang ang bahagdan ng mga pook-urban ay aabot sa 52% sa Silangang-Asya, 53% sa Timog-Silangan, at 45% sa Timog at Gitnang Asya.

Kalahati ng kabuuang populasyon ng Brunei, Tsina, Indonesia, Iran, Hapon, Kazakhstan, Mongolia, Hilagang Korea, Timog Korea, Pilipinas, Pakistan, Singapore at Turkmenistan ay mapapatira sa mga siyudad kung kaya't pagsapit ng 2015, 15 sa 23 "megacities" sa mundo ay sa Asya matatagpuan.

Ang urbanisasyong ito ay may kalakip na problema sapagkat kasabay ng paglaki ng tao sa siyudad ay pagdala ng polusyon sa hangin, sa lupa at sa tubig at kakulangan sa lupa o espasyo.

**Suliranin sa Kapaligiran**

Ang paglaki ng populasyon at paglago ng ekonomiya ay nagbunga ng maraming suliraning pangkapaligiran sa Asya gaya ng problema sa lupa, pagkawasak ng kalikasan, kakulangan at polusyon sa tubig, polusyon sa hangin at global warming at pagbabago ng klima.

**Problema sa Lupa**

Ang Asya ang rehiyon sa daigdig na mayroong pinakamalaking suliranin sa lupang maaaring bungkalin. Sa paglaki ng populasyon, lalong lumiliit ang lupang maaaring taniman dahil ang mga ito ay tinitirikan ng mga bahayan. Dahil kakaunti lamang ang mga lupaing masasaka, ang mga lupang maaaring taniman ang ginagamit na dahilan upang mawala ang sustansiya nito. Dahil sa pagpapatuloy ng ganitong sistema at pagtatayo ng mga pabrika sa ilang natitirang mga bakanteng lote, paliit nang paliit ang mga lupaing labis na napakahalaga sa agrikultura.

**Pagkawasak ng Kalikasan**

Ang mga nilalang na gaya ng mga hayop at halaman ay sadyang napakahalaga dahil sa tulong medikal at agrikultural na maaaring ibigay ng mga ito subalit ang mga nilalang na ito ay nanganganib dahil sa pagkasira ng kanilang mga tahanan.

Ang Asya ay tahanan sa maraming uri ng hayop at halaman. Ayon sa tala, 5 sa 17 bansang sagana sa mga naturang yaman ay sa rehiyong ito matatagpuan. Subalit dahil sa pagkawasak ng kapaligiran dahil na rin sa paglaki ng populasyon, 90% ng mga lugar na nagsisilbing kanlungan ng mga hayop ang naglaho-pangyayari na maaaring magresulta sa pagliit ng bilang ng mga nilalang na ito o di-kaya ng permanenteng pagkawala o pagkaubos ng mga ito.

**Kakulangan at Polusyon sa Tubig**

Sa mga nakalipas na taon, naging mabilis ang pagkonsumo sa tubig ng mga Asyano. Mula 1950 tumaas ng tatlong ulit ang konsumo sa tubig ng Asya. 84% rito ay ginamit sa agrikultura samantalang 6% naman sa industriya. Dahil dito at dahil na rin sa malaking populasyon, nakakaranas ngayon ang Asya ng kakulangan sa tubig at inaasahan na lalala pa ito sa mga susunod na taon.

Bukod sa kakulangan sa tubig, isa pang suliranin sa rehiyon ang polusyon sa tubig na nagdadala ng kamatayan sa milyun-milyong katao taun-taon. Dahil sa polusyong ito isa sa tatlong Asyano ang walang malinis na tubig na naiinom.

**Polusyon sa Hangin**

Ang mga siyudad sa Asya ay kabilang sa pinakamarurumi sa buong daigdig. Sa 15 lungsod na pinakamalala ang polusyon sa hangin, 12 rito ay mula sa Asya.

Sa lalawigan, dalawa sa mga nagdadala ng polusyon ay mga kemikal na pataba at “nitrate” na mula sa dumi ng hayop na nagpapadumi sa lupa at tubig. Sa lungsod, ang isa sa nagpaparumi sa hangin ay ang “lead” na ibinubuga ng mga sasakyan. Ang kemikal na ito ay nakakasama sa katawan, partikular sa utak at sa “central nervous system”.

Ang pagluluto gamit ang kahoy, dumi ng hayop at mababang kalidad ng uling na siyang karaniwang ginagawa sa mga mahihirap na bansa ay lumilikha ng usok na di-lamang polusyon ang hatid kundi mga sakit sa baga gaya ng tuberculosis at maging ng pagkabulag.

## Global Warming

Malaking papel ang ginagampanan ng Asya sa tinatawag na global warming dahil sa malaking bahagdan ng mga “greenhouse gas” gaya ng carbon dioxide ($CO_2$), methane, nitrous oxide at chlorofluorocarbon na nagmumula sa rehiyon.

Pangunahin sa lahat ng “greenhouse gas” ang carbon dioxide ($CO_2$) at noong dekada 50, ang carbon dioxide na nagmumula sa Asya ay ikalimang bahagi lamang ng mula sa Europa. Subalit pagpasok ng dekada 80, ang $CO_2$ na nagmumula sa Europa ay nahigitan pa ng mula sa Asya. Pagdating ng taong 2020, ang Asya ang pangunahing pagmumulan ng $CO_2$ sa mundo.

Ang carbon dioxide at iba pang “greenhouse gas” ang itinuturong ugat ng “global warming” dahil ang mga naturang gas ang nagdudulot ng pagkabutas ng “ozone layer” na proteksiyon ng mundo laban sa matinding init ng araw. Sa kasamaang palad, ang mga gas na ito ay mabilis na lumalaki ang konsentrasyon sa atmospera dahil na rin sa lumalaking konsumo ng tao at bilang ng populasyon sa mundo. Kung magpapatuloy, tataas sa 1.4-5.8 digri Celsius ang temperatura ng daigdig pagdating ng 2100.

## Mga Hakbang na Dapat Gawin

Ang suliraning pangkapaligirang kinakaharap ng Asya ay masyadong nakakabahala at kung di-bibigyan ng sapat na pansin, maaaring lumala pa ang sakit sa ulong ito.

Malaki ang magagawa ng mga inobasyong pangteknolohiya sa pagbibigay ng solusyon sa mga suliraning ito ngunit sinasabing ang pagpigil sa patuloy na paglaki ng populasyon ang pinakamainam na remedyo yamang ito naman ang maituturing na pangunahing ugat ng suliraning ito.

Kung mapipigil ang patuloy na paglaki ng bilang ng tao sa mundo, malalapatan ng lunas di-lamang ang maraming suliraning pangkapaligiran kundi maging ang ilan pang suliraning nararanasan sa lipunan.

**Ang Lumalaking Bilang ng mga Matatanda sa Asya**

Bago pa man naunang lumaki ang bilang ng mga nakatatanda sa mga bansang kanluranin, lubhang naging mas mabilis naman ang paglaki nito sa Asya at sa susunod na 50 taon, inaasahang ang bilang ng mga may edad 65 pataas sa rehiyon ay tataas ng higit sa 314%, mula sa 207 milyon noong taong 2000 hanggang sa 857 milyon pagdating ng taong 2050. Kaakibat ng pagtaas na ito ng bilang ng mga matatanda ay ang paglitaw ng ilang mga usaping dapat pagtuunan ng pansin ng pamahalaan gaya ng kung paano matutugunan ang pangangailangan ng mga ito at kung ano ang magiging epekto ng paglaki ng kanilang bilang.


Noong taong 2000, ang karaniwang edad ng mga Asyano ay 29 na taon. Tinatayang 6% lang ng kabuuang populasyon ng Asya ang may edad 65 pataas, 30% ang may edad 15 pababa at 64% naman ang mga may edad 15-64. Sa taya ng United Nations, ang bilang ng mga may edad 15-64 ay mananatili sa 64% subalit magkakaroon ng pagbabago sa bilang ng mga matatanda at mga bata. Ang bilang ng mga may edad 15 pababa ay pababa sa 19% samantalang aakyat naman sa 18% ang sa mga may edad 65 pataas. Ang karaniwanang edad ng mga Asyano ay magiging 40 taon.

Sa mga rehiyon sa Asya kung saan inaasahan ang malaking pagtaas sa populasyon ng mga nakatatanda, nangunguna ang Timog Asya, kasunod ang Timog-Silangang Asya at pagkatapos ang Silangang Asya.

Ang bansang Hapon ang may pinakamalaki at pinakamabilis lumaking populasyon ng matatanda sa Asya. Sa kasalukuyan, 17% ng populasyon ng bansa ay binubuo ng mga nasa edad 65 pataas at inaasahang aakyat ito sa 36% pagpasok ng 2050. Samantala, ang Bangladesh naman ang may pinakamaliit na populasyon nito sa rehiyon. 3% lamang ng kabuuang populasyon nito ang may edad 65 pataas subalit inaasahang tataas pa ito sa 5% sa taong 2025 at 11% sa taong 2050.

**Mga Pagbabagong Dapat Gawin Upang Tugunan ang mga Pangangailangan ng Matatanda**

Kasabay ng paglaki ng bilang ng mga matatanda may mga hakbang na dapat gawin para sa ikabubuti ng kalagayan ng mga ito. Ito ay ang pagkakaroon ng suporta o tulong ng mga pamilyang Asyano upang mapangalagaang mabuti ng mga ito ang kanilang matatanda at mga programang nagpapahintulot sa mga matatandang makapagtrabaho pa hanggang kaya pa ng mga ito at pagbibigay pensiyon at tulong-medikal sa mga matatanda. Bukod sa mga ito, kinakailangang hikayatin ang mga kasalukuyang mga naghahanapbuhay na mag-impok para sa pagtanda ng mga ito.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Pag-aanalisa ng datos:

**Bilang ng Populasyon sa mga Bansang Asyano (2005)**

| **Hilagang Asya** | | **Silangang Asya** | |
|---|---|---|---|
| 1. Uzbekistan | 26,851,195 | 1. Tsina | 1,306,313,812 |
| 2. Kazakhstan | 15,185,844 | 2. Hapon | 127,417,244 |
| 3. Azerbaijan | 7,911,974 | 3. Timog Korea | 48,422,644 |
| 4. Tajikistan | 7,163,506 | 4. Hilagang Korea | 22,912,177 |
| 5. Kyrgyztan | 5,146,281 | 5. Taiwan Mongolia | 22,894,384 |
| 6. Turkmenistan | 4,952,081 | 6. Mongolia | 2,791,272 |
| 7. Georgia | 4,677,401 | **Timog-Silangang Asya** | |
| 8. Armenia | 2,982,904 | 1. Indonesia | 241,973,879 |
| | | 2. Pilipinas | 87,857,473 |
| **Timog-Kanlurang Asya** | | 3. Vietnam | 83,535,576 |
| 1. Turkey | 69,660,559 | 4. Thailand | 65,444,371 |
| 2. Iran | 68,017,860 | 5. Myanmar | 42,909,464 |
| 3. Afghanistan | 29,928,987 | 6. Malaysia | 23,953,136 |
| 4. Saudi Arabia | 26,417,599 | 7. Cambodia | 13,607,069 |

| | | | |
|---|---|---|---|
| 5. Iraq | 26,074,906 | 8. Laos | 6,217,141 |
| 6. Yemen | 20,727,063 | 9. Singapore | 4,425,720 |
| 7. Syria | 18,448,752 | 10. East Timor | 1,040,880 |
| 8. Israel | 6,276,883 | 11. Brunei | 372,361 |
| 9. Jordan | 5,759,732 | **Timog Asya** | |
| 10. Lebanon | 3,826,018 | 1. India | 1,080,264,388 |
| 11. Oman | 3,001,583 | 2. Pakistan | 162,419,946 |
| 12. U. A. E. | 2,563,212 | 3. Bangladesh | 144,319,628 |
| 13. Kuwait | 2,335,648 | 4. Nepal | 27,676,547 |
| 14. Qatar | 863,051 | 5. Sri Lanka | 20,064,776 |
| 15. Cyprus | 780,133 | 6. Bhutan | 2,232,291 |
| 16. Bahrain | 688,345 | 7. Maldives | 349,106 |

- ***Source: IDB: Countries Ranked by Population***

Mga katanungan

1. Aling bansa sa Asya ang may pinakamalaking bilang ng tao at alin naman ang may pinakamaliit? Ibigay ang bilang ng populasyon ng 2 bansang hinihingi.
2. Ibigay ang 10 bansang may pinakamalaking bilang ng populasyon sa Asya ayon sa laki ng populasyon.
3. Anu-ano ang mga bansang may pinakamalaking bilang ng tao sa bawat rehiyon?
4. Aling rehiyon sa Asya ang may pinakamalaking bilang ng tao at alin naman ang may pinakamaliit.
5. Gaano na kalaki sa kasalukuyan ang populasyon ng Pilipinas at pang-ilan ito sa rehiyong kanyang kinabibilangan? Sa kabuuan ng Asya?



**Tandaan Mo!**

- Ang paglaki ng populasyon ay mayroong malinaw na kaugnayan sa pagkawasak ng kapaligiran.
- Kasabay ng mabilis na pag-unlad ay ang paglaki ng bilang ng mga produktong makokonsumo.
- Ang Asya ang may pinakamabilis na lumaking pook-urban sa mundo.
- Ang paglaki ng populasyon at pagbago ng ekonomiya ay nagbunga ng maraming suliraning pangkapaligiran sa Asya gaya ng problema sa lupa, pagkawasak ng kalikasan, kakulangan at polusyon sa tubig, polusyon sa hangin at global warming at pagbabago ng klima.



**Gawain 3: Paglalapat**

Gumawa ng isang poster o cartoon na nagpapakita ng pagkasira ng kalikasan at ng pangalawang poster na nagpapakita ng rehabilitasyon nito.


- ➢ Ano ang mga epekto ng pagkasira at sino ang naapektuhan?
- ➢ Anu-ano ang pwedeng magawa upang mahinto ang pagkasira at mapagbuti ang sitwasyon?

**ARALIN 4**

**ANG NAGBABAGONG KALAGAYANG PANLIPUNAN NG MGA KABABAIHAN SA ASYA**



Kasabay ng mga pagbabagong pang-ekonomiya at panlipunan, tatalakayin ng araling ito ang pagbuti ng kalagayan ng mga kababaihan sa Asya lalung-lalo na sa karapatang makapag-aral.



Matapos ang Araling ito, inaasahan na iyong:

1. Matatalakay ang lumalaking bilang ng mga nakapag-aral na babae sa Asya;
2. Matutukoy ang dumaraming babaeng manggagawa; at
3. Mahihinuha ang bumubuting “life expectancy” sa mga kababaihan.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Alamin kung sino ang inilalarawan ng mga pangungusap sa Hanay A. Piliin ang tamang sagot sa Hanay B.

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| ______ 1. Lider ng opposition sa Burma at 1991 Nobel Peace Prize recipient | A. Megawati Sukarno Putri |
| ______ 2. Punong Ministro ng Bangladesh | B. Gloria Macapagal Arroyo |
| ______ 3. Punong Ministro ng Timog Korea | C. Indira Gandhi |
| ______ 4. Naging punong ministro ng Sri Lanka | D. Benazir Bhutto |
| ______ 5. Kauna-unahang babaeng pangulo sa Asya | E. Golda Meir |
| ______ 6. Naging punong ministro ng Israel | F. Corazon C. Aquino |
| ______ 7. Dalawang beses naging punong ministro ng Pakistan | G. Sirimavo Bandaranaike |
| ______ 8. Dalawang beses naging punong ministro ng India | H. Chang Sang |
| ______ 9. Ika-14 na Pangulo ng Pilipinas | I. Sheik Hasina Wazed |
| ______ 10. Ika-4 na Pangulo ng Indonesia sa loob ng 3 taon. | J. Aung San Suu Kyi |

Natukoy mo ba ang mga pangalang hinihingi? Ano ang napansin mo?

Ang araling ito ay tatalakay sa mga nagbabagong kalagayang panlipunan ng mga kababaihan sa Asya.

## Ang Nagbabagong Kalagayang Panlipunan ng mga Kababaihan sa Asya

Kasunod ng mga pagbabagong pang-ekonomiya, panlipunan at pampulitika sa Asya ay ang mga mahahalagang pagbabago sa kalagayan ng mga kababaihan sa rehiyon na pawang pabor rin naman sa mga ito.

Noon, sa maraming mga bansang Agraryo, mangilan-ngilan lamang ang bilang ng mga babaeng pumapasok sa mga paaralang pangsekondarya at mga pamantasan, gayundin ang bilang ng mga babaeng namamasukan sa iba't ibang trabaho. Subalit sa nakalipas na 50 taon ay unti-unting nagbago ang mga ito sapagkat tumaas ang bilang ng mga kababaihang nakarating sa antas tersaryo at nagkaroon ng trabaho. Sa nakalipas ring 50 taon, bumuti ang bilang ng mga nakatatandang babae at naungusan pa nito ang bilang ng mga matatandang lalaki. Gayunman ang bilang ng mga sanggol na babae at mga babaeng edad 1-4 ay bumaba dahil sa higit na pagpapahalaga sa mga anak na lalaki na kung minsan ay nagreresulta sa pagpapalaglag ng mga babaeng fetus, o yaong tinatawag na sex-selective abortion.

## Lumalaking Bilang ng mga Nakapag-aaral na Babae

Noong taong 1950, sa kabuuan ng Asya, 14 na porsiyento lamang ng mga kabataang babaeng may edad 15 hanggang 19 ang pumapasok sa paaralan subalit sa pagpasok ng 1990, ang bilang na ito ay tumaas sa 26 na porsiyento.

Sa lahat ng rehiyon sa Asya, ang Silangang Asya ang may pinakamalaking bilang ng mga babaeng mag-aaral na nasa edad 15 hanggang 19 at siya ring may pinakamalaking itinaas sa bilang - mula sa 36 porsiyento noong 1950 tungo sa 74 porsiyento noong 1990. Sa Timog-Silangang Asya, ang bahagdan ng mga babaeng mag-aaral na nasa gayong gulang ay tumaas rin mula sa 12 porsiyento noong 1950 tungo sa 34 porsiyento noong 1990. Gayundin ang nangyari sa Timog Asya kung saan umakyat ang bahagdan ng mga babaeng mag-aaral sa gayon ring edad mula 8 porsiyento noong 1950 tungo sa 16 porsiyento noong 1990, bagaman ito ay mababa kung ikukumpara sa unang dalawang rehiyong banggit.

Sa kalagitnaan ng dekada 90, sa mga bansa sa Silangang Asya (**Table 1**) at sa mga bansang Malaysia, Pilipinas, Singapore at Sri Lanka, 60 porsiyento ng mga kababaihang may gulang na angkop upang tanggapin sa mga paaralang pangsekondarya ang pumapasok sa paaralan; sa mga bansang India, Indonesia, Myanmar, Nepal, Thailand at Vietnam naman ay mula 30 hanggang 60 porsiyento; at sa Laos, Cambodia, Afghanistan, Bangladesh at Pakistan ay higit ng mababa ng 30 porsiyento.


Table 1

| | 1975 | | 1985 | | 1995 | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Country | Secondary | Tertiary | Secondary | Tertiary | Secondary | Tertiary |
| East Asia | | | | | | |
| China | 38 | 0 | 33 | 2 | 62 | 4 |
| Hong Kong SAR | 47 | 5 | 73 | NA | 76 | 20 |
| Japan | 92 | 17 | 96 | 20 | 104 | 36 |
| Mongolia | 83 | 8 | 95 | 28 | 68 | 21 |
| South Korea | 48 | 5 | 91 | 21 | 101 | 38 |
| Southeast Asia | | | | | | |
| Cambodia | 5 | NA | 19 | NA | 20 | 1 |
| Indonesia | 15 | NA | 35 | NA | 48 | 8 |
| Laos | 5 | NA | 19 | 1 | 21 | 2 |
| Malaysia | 39 | NA | 53 | 5 | 63 | NA |
| Myanmar | 20 | NA | 22 | 5 | 30 | 7 |
| Philippines | 54 | 19 | 65 | 26 | 78 | 33 |
| Singapore | 53 | 7 | 61 | 10 | 70 | 31 |
| Thailand | 22 | 3 | 28 | NA | 37 | 20 |
| Vietnam | 41 | 1 | 41 | NA | 46 | NA |
| South Asia | | | | | | |
| Afghanistan | 2 | 0 | 5 | NA | 11 | NA |
| Bangladesh | NA | 1 | 11 | 2 | 13 | 1 |
| India | 16 | 2 | 26 | 4 | 38 | 5 |
| Nepal | 4 | NA | 12 | 1 | 30 | 3 |
| Pakistan | 7 | 1 | 10 | 1 | 17 | 2 |
| Sri Lanka | 49 | NA | 66 | 3 | 78 | 4 |

*Source:* UNESCO (1999).

Sa ilang mga bansang Asyano, ang bilang ng mga babeng mag-aaral sa sekondarya ay halos pumapantay na rin sa bilang ng mga lalaking mag-aaral sa nasabing antas at ito ay makikita sa mga istatistika ng mga bansang Timog Korea, Thailand at Hong Kong. Sa Pilipinas, higit na mataas ang bilang ng mga kababaihan sa

sekondarya kaysa sa mga kalalakihan **(Fig. 1**). Gayunman, marami pa ring bansa sa Asya, partikular sa Timog Asya, ang may maliit na bilang ng mga babaeng pumapasok sa sekondarya.




*Source:* UNESCO (1999).
*Note:* The percentage enrolled can be more than 100 if girls and boys outside the normal age range are also enrolled in school.

Figure 1

Sa antas tersaryo, higit na maliit ang bilang ng mga babaeng mag-aaral kung ikukumpara sa mga kalalakihan. Ito ay mababanaag sa Timog Korea kung saan 38 porsiyento lamang ng mga kababaihang angkop ang gulang upang makapasok sa kolehiyo ang nakakarating dito kumpara sa 66 porsiyento ng mga kalalakihan at sa India na may 5 porsiyento lamang ng mga babaeng nasa gayong gulang ang nasa mga pamantasan kumpara sa 8 porsiyento sa mga kalalakihan.

Di-tulad sa unang dalawang bansang nabanggit, higit na mataas ang bilang ng mga babaeng nasa tersaryo sa bansang Thailand at sa Pilipinas kung saan 20 porsiyento ng mga kababaihan ang nasa kolehiyo kumpara sa 17 porsiyento para sa mga kalalakihan, para sa una, at 33 porsiyento ng mga kababaihan kumpara sa 25 porsiyento ng mga kalalakihan para sa huli.

**Dumaraming Babaeng Manggagawa**

Sa nakalipas na 50 taon, unti-unting lumaki ang bilang ng mga babaeng Asyano na namamasukan sa trabaho partikular sa rehiyon ng Silangan at Timog-Silangang Asya kung saan papaunlad ang ekonomiya. Sa Singapore, mula sa 22 porsiyento noong taong 1957, umakyat sa 55 porsiyento noong 1999 ang bahagdan ng mga kababaihang may edad 15 hanggang 64 na naghahanapbuhay at ito umano ay dahil sa kakulangan ng mga manggagawa sa bansa. Sa Thailand, bago pa man magsimula ang industriyalisasyon ng bansa, marami nang mga babae ang nagtatrabaho sa mga lugar na may kaugnayan sa agrikultura kung kaya't di na rin tumaas ang bilang ng mga babaeng manggagawa dito. Tulad sa Singapore, tumaas din ang bilang ng mga babaeng nagtatrabaho sa Timog Korea. Sa Taiwan, hindi gaanong tumaas ang bahagdan ng mga babaeng manggagawa dahil sa krisis pang-ekonomiya ng bansa noong dekada 90.

Noong 1999, karamihan sa mga babaeng may edad 15 hanggang 64 ay naging manggagawa sa maraming sektor, kabilang ang sektor ng agrikultura, at ito nga ay sa mga bansang:

- Silangang Asya: Mongolia (66 porsiyento), Timog Korea (53 porsiyento), Tsino (74 porsiyento)
- Timog-Silangang Asya: Cambodia (65 porsiyento), Pilipinas (53 porsiyento), Singapore (55 porsiyento), at Thailand (68 porsiyento).
- Timog Asya: Bangladesh (56 porsiyento) at Pakistan (86 porsiyento)

Sa rehiyon ng Silangang Asya kung saan patuloy ang pag-unlad ng ekonomiya, ang trabaho ng mga kababaihan ay nagbago mula sa mga gawaing agrikultural tungo sa mga trabahong elektrikal at pang-opisina. Sa bansang Hapon, ang bilang ng mga babaeng gumagawa ng mga gawaing agrikultural - yaong mga nagtatrabaho sa mga taniman ay bumaba mula 43 porsiyento noong 1960 pababa sa 6 na porsiyento noong 1999 **(Table 2).** Kasabay ng pagbabagong ito ay ang pag-akyat naman ng bilang ng mga babaeng nagtatrabaho bilang mga kleriko mula 10 hanggang 29 na porsiyento. Sa pagitan ng mga taong 1969 at 1999, ang bilang ng mga kababaihang humahawak ng

matataas na posisyon ay umangat mula sa 5 hanggang sa 15 porsiyento sa bansang Hapon at mula 0 hanggang 4 na porsiyento sa Timog Korea subalit sa kabila nito, masasabing maliit pa rin ang nabanggit na mga bilang.

Table 2

| Country and year | Agriculture | Clerical | Industrial | Sales/ Service | Professional/ Managerial |
|---|---|---|---|---|---|
| Japan | | | | | |
| 1960 | 43 | 10 | 21 | 21 | 5 |
| 1970 | 26 | 18 | 25 | 24 | 7 |
| 1980 | 14 | 24 | 25 | 27 | 11 |
| 1990 | 8 | 27 | 26 | 26 | 12 |
| 1999 | 6 | 29 | 22 | 26 | 15 |
| Taiwan | | | | | |
| 1980 | 18 | 17 | 38 | 21 | 6 |
| 1990 | 10 | 23 | 31 | 27 | 9 |
| South Korea | | | | | |
| 1970 | 60 | 3 | 15 | 20 | 0 |
| 1980 | 46 | 9 | 20 | 22 | 4 |
| 1990 | 27 | 16 | 21 | 28 | 9 |
| 1999[a] | 12 | 8 | 26 | 49 | 4 |
| Singapore | | | | | |
| 1957 | 12 | 6 | 25 | 45 | 10 |
| 1970 | 3 | 17 | 31 | 34 | 15 |
| 1980 | 1 | 27 | 35 | 24 | 12 |
| 1990 | 0 | 27 | 26 | 29 | 16 |
| 1999 | 0 | 19 | 26 | 40 | 14 |
| Thailand | | | | | |
| 1960 | 86 | 0 | 4 | 8 | 1 |
| 1970 | 84 | 1 | 5 | 9 | 2 |
| 1980 | 73 | 1 | 8 | 11 | 3 |
| 1990 | 65 | 3 | 12 | 16 | 4 |

*Sources:* ILO, *Yearbook of labor statistics*, various years; ILO (1990); Bureau of Statistics [Republic of China] (1991).
[a] ILO statistics for South Korea were revised on the basis of the 1995 population census.

Sa bansang maunlad gaya ng Timog Korea ang mga trabahong kadalasang napupuntahan ng mga kababaihan ay yaong mga trabahong klerikal at may kaugnayan sa produksiyon at pagbebenta, di-tulad sa mga bansang mahirap tulad ng Bangladesh kung saan ang trabaho ng mga kababaihan ay kadalasang nasa ilalim ng sector ng agrikultura **(Table2)**. Bagaman malaking bilang ng mga kababaihan sa Timog Korea ay nasa mga uri ng trabahong nabanggit, maliit na bilang lamang ng mga kababaihan nila ang may hawak ng mga matataas na posisyon, di-tulad sa Pilipinas na may kasiya-siyang bilang ng mga kababaihang nagtatrabaho sa mga industriya (11 porsiyento) at mga pagawaan, nagtatrabaho bilang kleriko at ng mga gawaing may kaugnayan sa pagbebenta at paglilngkod (50 porsiyento) at humahawak ng matataas na posisyon (12 porsiyento).

Sa aspeto o sa sektor ng produksiyon, kadalasang mas maliit ang ibinibigay na sahod sa kanila kumpara sa mga kalalakihan, bagaman mabigat rin ang gawaing ipinapapasan sa kanila. Ang maliit na pasahod na ito ay makikita sa mga bansang gaya ng bansang Hapon, Timog Korea, Pilipinas, Thailand, Malaysia at Singapore noong mga huling bahagi ng 1990 kung saan ang halagang ibinabayad sa mga kababaihan ay higit lamang sa kalahati ng kabuuang ibinabayad sa mga lalaking manggagawa. Noong dekada 80, bilang tugon sa krisis pang-ekonomiya, maraming mga establisiyamento ang nagbawas ng mga manggagawa at sa kabuuang bilang ng mga tinanggal sa trabaho, 58 porsiyento sa mga ito ay mga babae.

**Bumubuting “Life Expectancy” sa mga Kababaihan**

Ang “life expectancy” o haba ng buhay ng isang indibidwal ang isa sa mga ginagawang batayan sa pagtanto ng kalagayang pangkalusugan ng tao.

Sa Asya, unti-unting bumubuti ang “life expectancy”, partikular sa mga rehiyon na may maunlad na ekonomiya gaya ng Silangang Asya at kung titingnan ang istatistika ukol dito sa nakalipas na 50 taon, makikita na higit na mahaba ang buhay ng mga kababaihan kaysa mga kalalakihan.

Bagaman higit na mahaba ang buhay ng mga babae kaysa mga lalaki, masasabing hindi ito lubos na pumapabor sa mga kababaihan dahil nauuna sa kanilang

mamatay ang kanilang mga asawa at dahil doon, naiiwan silang mag-isa at dahil roon, nagkakaroon ng kuwestiyon ukol sa kung sino ang mangangalaga sa kanila at kung sino ang magbibigay sa kanila ng tulong pinansiyal. Ayon sa isang ulat mula sa United States Census Bureau, ang mga kababaihan umano ang bubuo sa karamihan ng populasyon ng mga nakatatanda sa susunod na isandaang taon.

**Mataas na Bilang ng mga Batang Babaeng Namamatay**

Sa ilang mga bansa sa Silangan at Timog Asya, partikular sa Bangladesh, India at Nepal, higit na malaki ang bilang ng mga batang babae na may edad 1-4 ang namamatay kaysa mga batang lalaki na nasa gayon ring edad.

Sinasabi na ito umano ay dahil higit na pinapahalagahan ng mga pamilyang Asyano ang mga anak na lalaki at mas ninanais ng mga ito ang pagkakaroon ng supling na lalaki kaysa babae. Sa mga pamilya sa Timog Asya, higit na maganda ang pagtratong ibinibigay sa mga batang lalaki kaysa babae. Mas maraming pagkain ang ibinibigay sa mga ito at mas mahabang oras ang inilalaan sa pagpapasuso sa kanila. Sa aspetong pangkalusugan, higit na binibigyang-pansin at inaaruga ang mga kalalakihan kung kaya't higit na maliit umano ang bilang ng mga batang babaeng dinadala sa mga pagamutan.

**"Selective Abortion" sa mga Babaeng "Fetus"**

Sa ilang mga bansa sa Asya, may mga pamilyang higit na ninanais ang pagkakaroon ng supling na lalaki, dahilan kung bakit di-normal ang proporsyon ng mga ipinanganganak na sanggol na lalaki sa babae.

Ang normal na proporsyon dito ay 104 hanggang 107 sanggol na lalaki, sa bawat 100 sanggol na babae. Subalit sa mga bansang mas pinapaboran ang pagluluwal sa sanggol na lalaki, malayong-malayo ang bilang ng isinisilang na sanggol na lalaki. Sa bawat 100 sanggol na babaeng iniluluwal, may nangyayaring pagpapalaglag sa mga babaeng "fetus". Patunay rito ay sa India kung saan ang proporsyon ng isinisilang ay 110 hanggang 120 sanggol na lalaki sa bawat 100 sanggol na babae.

Sa mga bansang Tsina, Korea at Taiwan, kung saan maraming pamilya ang nagnanais sa pagkakaroon ng sanggol na lalaki, ang pagpapakilala ng teknolohiya kung saan maaaring malaman ang kasarian ng isang sanggol bago pa man ito isilang ay nagbunsod sa paglaki ng bilang ng mga lalaking sanggol na isinisilang. Dahil alam na ang kasarian, maaaring mapagpasiyahan ng isang mag-asawa na ipalaglag na lamang ang bata kung di-nila gusto ang kasarian nito. Dahil sa Tsina, Korea at Hapon ay higit na pinapaboran ang pagkakaroon ng anak na lalaki madalas na naipalalaglag ang mga babaeng fetus. Ang resulta- ang proporsyon ng mga batang lalaki sa batang babae ay 119 sa 100 sa Tsina, 114 sa 100 sa Timog Korea at 110 sa 100 sa Taiwan- masyadong malayo mula sa normal na proporsyon.


Ang ganitong gawain ng pag-alam sa kasarian ng fetus ay ipinagbawal na sa Timog Korea noon pa mang 1987 kung kaya't ang proporsyon ng lalaki sa babae sa mga pook-urban ay bumalik na sa normal.

**Konklusyon**

Kasabay ng mga pagbabagong pang-ekonomiya at panlipunan ay ang pagbuti ng kalagayan ng mga kababaihan. Marami na sa mga kababaihan ang nakapag-aral at marami na rin sa kanila ang nagiging mga manggagawa at kawani. Gayunman, may mga bagay na nananatili sa kabila ng mga pagbabago gaya ng pananatili ng ilang mga kababaihan bilang mga tagapangalaga ng tahanan na naipamulat na sa marami at diskriminasyon sa mga ito.

Sa mga susunod na taon, inaasahan ang patuloy na paglaki ng bilang ng mga kababaihang pumapasok sa paaralan at nagtatrabaho bilang mga manggagawa o di-kaya ay kawani dahil sa lumiliit na bilang ng mga lalaking naghahanap-buhay.

Ang diskriminasyon ay nananatiling suliranin ng mga kababaihan sa kabila ng marami nang pagbabagong dumating. Tunay na mahirap na sugpuin ang diskriminasyon sa mga babae at hindi ito maititigil sa pamamagitan lamang ng mga batas laban dito. Gayunman, ang ilang mga kaso o halimbawa ng diskriminasyon sa mga kababaihan gaya ng sex selective abortion at pagpapabuti sa kalagayan ng mga matatandang babae ay dapat bigyan ng sapat na pansin ng pamahalaan.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

**Women's "Empowerment": Aktibong Pakikilahok**

**APEC**

"We believe APEC should take specific steps to reinforce the important role of ***women*** in economic development. We welcome the offer of the Philippines to host a Ministerial Meeting on ***Women*** in 1998 in Manila to take stock of the progress to date in involving ***women*** in APEC's agenda, and to determine next steps to integrate ***women*** into the mainstream of APEC activities" [para 20]

***APEC Leaders Declaration Vancouver, Canada 1997***

**ASEAN**

The ASEAN declaration commits members to "promote and implement the equitable and effective participation of ***women*** whenever possible in all fields and at various levels of the political, economic, social and cultural life of society at the national, regional and international levels". It also requires them to "enable ***women*** in the region to undertake their important role as active agents and beneficiaries of national and regional development" and to "integrate into national plans the specific concerns of ***women*** and their roles as active agents in and beneficiaries of development, specifically considering their role as a productive force".

***ASEAN 1997***

***BEIJING DECLARATION***

"***Women's empowerment*** and their full participation on the basis of equality in all spheres of society, including participation in the decision-making process and access to power, are fundamental for the advancement of equality, development and peace". [para 13, Beijing Declaration]

***Fourth World Conference on Women, Beijing, China 1995.***

**WORLD BANK**

There is a growing recognition of the need to mainstream gender into all aspects of the Bank's operational work. A lack of attention to the different needs, roles and constraints facing ***women*** and men significantly reduces the economic efficiency and impacts of projects and policies and also results in serious equity and human rights issues. In almost all sectors and regions ***women's*** productive capacity is significantly reduced due to lack of access to resources and information and due to legal, cultural, economic and political constraints.

***World Bank, East Asia Regional Action Plan, October 1997.***

**UNITED NATIONS**

In order to ensure effective implementation of the strategic objectives of the Beijing Platform for Action, the United Nations system should promote an active and visible policy of mainstreaming a gender perspective [para 2]

Mainstreaming a gender perspective is the process of assessing the implications for ***women*** and men of any planned action, including legislation, policies or programmes in any area and at all levels. It is a strategy for making ***women's*** as well as men's concerns and experiences an integral dimension in the design, implementation, monitoring and evaluation of policies and programmes in all political, economic and societal spheres so that women and men benefit equally and inequality is not perpetuated. The ultimate goal is to achieve gender equality. [para 4]

***Economic and Social Council, United Nations, E/1997/L.30 14 July 1997.***

**ASIAN DEVELOPMENT BANK**

The Bank's strategic development objectives such as economic growth, poverty reduction, human development including population planning, sound management of natural resources and the environment cannot be fully achieved without increased investments in women and greater attention to their needs, concerns and contributions. Increased investment in women produces a healthier, better educated, and literate workforce and provides a sound human resources foundation on which to build the economy. [page 1]

***Asian Development Bank, Revised Policy on Gender and Development, 1998.***

❖ Anu-ano ang napansin mong deklarasyon ng iba't ibang organisasyon tungkol sa pakikilahok ng mga kababaihan? Ito ba'y nagpapatunay ng pagbabago sa kalagayang panlipunan ng kababaihan sa Asya at sa iba pang panig ng daigdid? Ipaliwanag.



**Tandaan Mo!**

- Kasunod ng mga pagbabagong pang-ekonomiya, panlipunan at pampulitikal sa Asya ay ang mga mahahalagang pagbabago sa kalagayan ng mga kababaihan sa Asya.
- Sa lahat ng rehiyon sa Asya, ang Silangang Asya ang may pinakamalaking bilang ng mga babaeng nag-aaral.
- Higit na mataas ang b`ilang ng mga babaeng nasa tersaryo sa bansang Thailand at sa Pilipinas.
- Sa rehiyon ng Silangang Asya, ang trabaho ng mga kababaihan ay nagbago mula sa mga gawaing agricultural tungo sa mga trabahong elektrikal at pang-opisina.
- Ang diskriminasyon ay nanatiling suliranin ng mga kababaihan sa kabila ng marami nang pagbabagong dumating.



**Gawain 3: Paglalapat**

Panuto: Basahin ang Kartilya ng Katipunan tungkol sa kababaihan.

- May saysay pa rin ba hanggang ngayon ang Kartilya ng Katipunan tungkol sa Kababaihan?
- Paano natin naiaangkop ang mga turo nito sa buhay natin ngayon?


**Ang Kartilya ng Katipunan**

Emilio Jacinto

Ang babae ay huwag mong tingnang isang
bagay na libangan lamang, kundi isang
katuwang at karamay sa mga
kahirapan nitong kabuhayan; gamitin
mo ng buong pagpipitagan ang kanyang
kahinaan, at alalahanin ang inang
pinagkuhata't nagiwi sa iyong
kasanggulang.

## ARALIN 5

## HUMAN IMMUNO-DEFICIENCY VIRUS (HIV)/ ACQUIRED IMMUNE DEFICIENCY SYNDROME (AIDS)



Ang Asya ay isa sa mga huling rehiyon na nakaranas ng epidemya ng HIV/AIDS. Sa araling ito, tatalakayin natin ang tungkol sa sakit na HIV/AIDS at ang paglaganap nito sa Asya. Tutukuyin din natin ang mga pagpupunyagi ng pamahalaan laban sa sakit na ito.

Matapos ang Araling ito, inaasahan na iyong:

1. Maipapaliwanag ang sakit na tinatawag nating HIV/AIDS;
2. Matutukoy ang paglaganap ng HIV/AIDS sa Asya; at
3. Mapangalagahan ang pagpupunyagi ng pamahalaan laban sa HIV/AIDS.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

**Alam mo ba?**

1. Ang mga “gay people” lang ang naaapektuhan ng HIV?
   - Oo
   - Hindi
   - Mga “gay men” lang
2. Ang Virus ng HIV/AIDS sa taong nahawahan ay nasa:
   - Dugo at pawis
   - Dugo at “sexual fluids”
   - “sexual fluids” at pawis
3. May gamut ba sa sakit na AIDS?
   - Oo
   - Hindi
   - Maaring makuha sa preskripsiyon

4. Paano mo malalaman kung ang tao ay may HIV/AIDS?
    - May dala silang ID card
    - Itsurang pagod at may sakit
    - Hindi mo masasabi
5. Saang parte ng mundo may pinakamalaking bilang ng taong positibo sa sakit na HIV/ AIDS?
    - Asia
    - Europe
    - Africa
    - Timog Amerika
    - Hilagang Amerika
6. Sinong tao ang hindi pwedeng magka AIDS?
    - Gay men
    - Heterosexual
    - Lesbians
    - Children
    - Normal People
    - Wala
7. Sa taong 2004, ilan na ang apektado ng HIV/AIDS?
    - 21.7 million
    - 39.4 million
    - 62.2 million
8. Kailan ginanap ang World AIDS Day?
    - Dec. 1
    - Jan. 1
    - June 1
9. Kung ang isang to ay “infected” ng HIV, nangangahulugan bang siya ay may AIDS?
    - Oo
    - Hindi

10. Ang insekto ba ay pwedeng magtransmite ng HIV?

- Oo
- Hindi
- Lamok lamang

**Ang HIV/AIDS sa Asya**

Ang Asya ang isa sa mga huling rehiyon sa daigdig na nakaranas ng epidemya ng HIV/AIDS, at magpahanggang sa kasalukuyan, ang bilang ng mga indibidwal na apektado ng sakit dito ay higit na mababa kumpara sa ibang lugar sa mundo. Gayunman, ang mga gawing tulad ng di-ligtas na pakikipagtalik at pagsalu-salo sa karayom ng mga nagtuturok sa sarili ng droga na siyang itinuturong sanhi ng paglaganap ng HIV ay laganap sa maraming lipunan sa Asya. Kung mananatili ang ganitong kalakaran, maaaring tumaas ang bilang ng mga apektado ng HIV/AIDS sa rehiyon sa mga susunod na taon.

Karamihan sa mga pinakaunang kaso ng HIV/AIDS sa Asya na napulat mula taong 1984 hanggang 1985 ay kinabibilangan ng mga lalaking nakikipagtalik sa kapwa lalaki. Noong 1986, sa India, isang epidemy ng sakit ang naganap kung saan ang mga biktima ay mga kababaihang nagbibigay ng panandaliang aliw at kanilang mga kliyente, at noon naming mga huling bahagi ng dekada 80 ay sa mga nagtuturok ng droga sa sarili sa mga lugar sa Thailand, sa estado ng Manipur sa India t sa lalawigan ng Yunnan sa Tsina.

Ang bilang ng mga nagdadalang-taong apektado ng HIV ang gingamit upang matanto kung gaano na kalala ang kaso ng HIV sa isang bansa. Batay sa isang tala, tatlong bansa sa Timog-Silangang Asya at ilang mga estado sa India ay may mlaking bilang ng mga nagbubuntis na may HIV. Sa Thailand, higit sa 2% ng mga nagdadalang-tao ay positibo sa naturang sakit samantalang 3% naman sa Cambodia. Subalit ang bilang na ito ay nabawasan dahil sa mga hakbang ng mga pamahalaan ng mga bansang nabanggit laban sa sakit.

Sa Bangladesh, Hong Kong, Laos, Pilipinas at Timog Korea ang bilang ng mga buntis na nagdadala ng HIV ay higit na mababa kumpara sa dalawang bansang nabanggit samantalang tumataas naman ito sa Tsina, Indonesia, Iran, Nepal, Hapon at Vietnam.

**Proseso ng Paglaganap ng HIV**

Bago lumaganap sa kabuuan ng populasyon at lumikha ng isang epidemya sa isang bansa, ang sakit na HIV ay nagsisimula muna sa mga lalaking nakikipagtalik sa kapwa lalaki, mga nagtuturok ng droga sa sarili at sa mga babaeng upahan at sa mga nagiging kliyente ng mga ito.

Karamihan sa mga unang kaso ng sakit ay kinapapalooban ng mga lalaking nakikipagtalik sa kapwa lalaki. Sa isang pag-aaral noong 2000, 14% ng mga may HIV sa Cambodia ay binubuo ng mga nakikipagtalik sa kapwa nila lalaki. Ang bilang na ito ay hinigitan pa sa isang pag-aaral na ginawa sa Myanmar at Malaysia. Samantala, sa Hapon, ang bilang ng mga ganitong kaso ay tumaas.

Sa kabilang dako, ang bilang ng mga drogistang nagtuturok sa sarili na apektado ng HIV ay mabilis na tumataas. Sa estado ng Manipur, sa lalawigan ng Yunnan, sa Myikyira (hilagang Myanmar) at sa ilang mga pook-urban sa Thailand, 40% hanggang 80% ng mga kaso ng HIV ay pawang kinabibilangan ng mga nagtuturok ng droga sa sarili. Sa isang pagtatala naman sa 19 na siyudad sa Nepal noong 1999, 40% ng mga nagtuturok ng ipingbabawal na gamot ay positibo sa HIV.

Ang prostitusyon ay isang malaking industriya sa Asya. Patunay rito ang napakalaking bilang ng mga kalalakihang tumatangkilik sa serbisyong ibnibigay ng mga babaeng bayaran. Subalit ang napakalaking bilang na ito ay nangangahulugan ng napakalaking posibilidad ng pagkakahawa-hawa ng sakit kabilang na ang HIV. Maaring ang babaeng makakatalik ng isang kliyente ay may sakit na HIV o di-kaya, ang kliyente ang may sakit at maaaring mahawahan nito ang kanyang kakataliking babae. Sa India, Indonesia at Vietnam, maraming mga babaeng nagtatrabaho bilang mga bayarang babae ang apektado ng HIV. Ganito rin sa Thailand at sa Cambodia subalit ang bilang dito ay bumaba dahil sa pagpupunygi ng pamahalaan. Ayon sa isang pagtatala,

karamihan sa mga lalaking may STI o "sexually transmitted infection" ay nagkaroon ng pakikipagtalik sa mga bayarang babae.

Batay sa isang pag-aaral, lumalabas na ang mga itinuturong ugat ng epidemya ng AIDS- pakikipagtalik sa mga upahang babae- ay pawing magkakaugnay sa isa't isa. Ang mga lalaking may lalaking katalik ay nakikipagtalik rin sa babae. Sa Cambodia, 40% ng mga nakikipagtalik sa kapwa nila lalaki ay may babae ring katalik.

Karamihan sa mga babaeng ito ay mga bayaran, nangangahulugang marami itong nakakatalik gaya ng mga nagtuturok sa ng droga sarili. Samakatuwid, kung isang lalaking nahawa ng sakit na HIV mula sa pakikipagtalik sa kapwa lalaki o di kaya'y mula sa paggamit sa karayom ng iba ay nakipagtalik sa isang bayarang babae, maaaring maisalin dito ang sakit. Kung ang babaeng ito ay apektado ng HIV, ay makikipagtalik sa mga lalaking hindi naman apektado ng HIV, maisasalin ito sa kanila at maaaring mahawahan ng mga lalaking ito ang kanilang mga asawa o di-kaya'y mga kasintahan na kung sakaling mabubuntis, ang sanggol na kanilang dadalahin sa kanilang sinapupunan ay magiging tagapagdala ng sakit.

Sa mga mag-asawa, maaaring mahawahan ng sakit na HIV ng lalaki ang kanyang kabiyak kung makikipagtalik siya sa isang indibidwal na nagdadala ng naturang sakit. Gayunman ang pagkahawa o paghahawahan ng sakit na HIV sa mga mag-asawa ay isang mabagal na proseso. Kung mabubuntis ng isang lalaking may HIV ang kanyang asawa, malaki ang posibilidad na ang sanggol na dadalhin nito ay mahawa ng sakit, maliban na lamang kung sasailalim sa tinatawag na "antiretrovial therapies" ang babae. Sa kasamaang palad, ang mga "antiretroviral therapy" ay di-pa gayon kalaganap sa Asya.

**Posibilidad ng Isang Epidemya**

Sa kasalukuyan, hindi pa tumataas ng higit sa 4% ang bilang ng mga nagbubuntis na apektado ng HIV sa kahit na alinmang bansa sa Asya, subalit malaki ang posibilidad na umakyat ang bilang na ito dahil sa patuloy na pagtangkilik sa prostitusyon, yamang sa pamamagitan nito lumalaganap ng husto ang sakit na HIV. Sa Hilagang Thailand, noong 1988, mangilan-ngilan lamang ang kaso ng HIV at ito'y doon lamang sa mga "sex workers" o yaong mga binabayaran upang magbigay ng

panandaliang aliw at sa mga kliyente nito. Subalit pagdating ng gitnang bahagi ng dekada 90, ikaapat na bahagi ng mga kabataang lalaki at ikasampung bahagi naman ng mga nagbubuntis ay apektado na ng HIV, patunay lamang ito na ang prostitusyon ay isang epektibong paraan upang lumaganap ang sakit. Malaki ang naging posibilidad na mararanasan sa kabuuan ng Thailand ang gayong kalaking epidemya ng HIV dahil malaking bilang ng mga kalalakihan sa bansa ay pawing parokyano ng prostitusyon. Subalit dahil sa maigting na pagpupunyagi ng pamahalaan ng bansa laban sa sakit, napigilang umakyat sa 15% ang bilang ng mga kaso ng HIV o higit sa 5 milyong kataong apektado ng sakit.


Ayon sa isang talaan, 5 hanggang 20% ng mga kalalakihan sa Asya ay bumibisita sa mga “sex workers” higit sa isang beses sa isang taon: 7% sa Pilipinas, 11% sa Hapon at 15-20% sa Cambodia. Sa Thailand ang bilang na 20% noong 1990 ay bumaba sa 10% noong 1993 dahil sa kampanya ng pamahalaan laban sa sakit.

Ang mga talang ito ay nagpapatunay sa posibilidad ng isang epidemya ng HIV sa Asya. Bagaman nananatili ang posibilidad na ito, mahirap tukuyin kung kailan magsisimula at kung gaano kabilis ang magiging paglaganap nito, sapagkat maraming salik ang nakakaapekto rito gaya ng laki ng bilang ng nakikipagtalik sa isang apektado ng sakit. Kung ang isang “sex worker” na may HIV ay magkakaroon ng dalawang kliyente kada gabi, higit na magiging mabilis ang pagtaas ng kaso ng sakit kumpara sa isang kliyente lamang kada gabi.

Kahit na laganap sa isang bansa ang mga gawing itinuturong sanhi ng epidemya ng HIV. Hindi agad-agarang tataas ang bilang ng mga may gayong sakit dahil inabot pa ng kung ilang tapn bago ito Makita. Halimbawa rito ay sa punong siyudad ng Nepal. Noong 1990 pa man, ang pagtuturok sa sarili gamit ang karayom na maaaring nagamit na rin ng isang may sakit na HIV ay laganap na, ngumit wala ni isa mang kaso ng HIV ang napatala hanggang noong 1997 kung saan, ayon sa tala, 50% ng mga natuturok sa sarili ay positibo sa nasabing sakit. Sa Thailand naman, 1985 pa lamang ay mayroon ng nagpapaulat na kaso ng HIV, ngunit noong 1989 lamang tumaas ang bilang nito.

Bagaman matagal bago maranasan ang isang epidemya buhat sa mga naunang pagkahawa, hahantong at hahantong pa rin ito sa isang epidemya at maaaring malawakan pa. Gayunman, maaaring mapigil ito o di-kaya’y ang paglaki pa nito. Sa

pamamagitan ng pagpupunyagi ng pamahalaan laban sa HIV, pagbibigay ng mga leksiyon ukol sa masamang epekto ng pagsasalu-salo ng karayom o yaong paggamit sa karayom ng iba, pagtataguyod sa paggamit ng condom at pagpigil sa paglaganap ng STD, maaaring mapanatiling mababa ang bilang ng mga apektado ng HIV at mapigil ang malawakang paglaganap nito.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Basahin mo ang mga sumusunod n pahiwatig. Kaninong pahiwatig ka sumasang-ayon o hindi sumasang-ayon? Bakit?

- “There’s nothing wrong with going to bid with somebody of your own sex. People should be free with sex-they should draw the line at goats”

  Elton John
  British singer

- “Those who suggest such “radical notions” as chastity before marriage and faithfull in marriage are told that these approaches are too puritanical. The Puritans may have had some problems, but AIDS wasn’t one of them.”

  Cal Thomas

- This contraceptive device (condom) will help Filipinos stay alive.

  Any real church… will back up what I’m doing because I’m trying save lives. I’ll fight any religion that tries to stop me… I respect all religions as long as they are not silly on some points.”

  Thai Sen. Mechai Viradvaidya
  Ambassador to UNAIDS

**Tandaan Mo!**



- Ang HIV/AIDS ay isang sakit na nagpapahina sa resistensiya ng mga taong apektdo nito. Kung kaya't maari nilang ikamatay ang pinaka simpleng sakit tulad ng trankaso.
- Sa bansang Africa ang may pinakamalaking bilang ng taong positibo sa sakit na HIV/AIDS.
- Sa taong 2004, 39.4 milyon na ang apektado ng sakit na AIDS.
- Ang virus ng HIV/AIDS ay nasa dugo at sexual fluids ng taong nahawahan.
- Ang sakit na AIDS sa Asya ay mahirap tukuyin kung kailan nagsimula at kung gaano kabilis ang magiging paglaganap nito sapagkat maraming salik ang nakakaapekto rito gaya ng laki ng bilang ng nakikipagtalik sa isang apektado ng sakit.
- Sa pamamagitan ng pagpupunyagi ng pamahalaan laban sa HIV, pagbibigay ng mga leksiyon ukol sa masamang epekto ng pagsasalu-salo o yaong paggamit sa karayom ng iba, pagtataguyod sa paggamit ng condom at pagpigil sa paglaganap ng STD (sexually transmitted disease), maaring mapanatiling mababa ang bilang ng mga apektado ng HIV at mapigil ang malawakang paglaganap nito.



**Gawain 3: Paglalapat**

**"AS SIMPLE AS *ABC*"**


**A- Abstain**

**B- Be Faithful**

**C- Condoms**

- Sa palagay mo, alin sa tatlong nabanggit na paraan ang pinakamabisa para maiwasan ang sakit na AIDS?
- Ano ang masasabi mo tungkol sa hindi pagsang-ayon ng Simbahang Katoliko sa paggamit ng "artificial contraceptive" gaya ng condom?

**ARALIN 6**
**GLOBALISASYON**




Kasabay ng mabilis na pag-unlad ng teknolohiya sa mga bansang industriyalisado, bumilis din ang paglaganp ng impormasyon sa pamamagitan ng telebisyon, radyo, "internet" at iba pang behikulo ng mass media. Hindi lamang impormasyon kundi isang buong kamalayang pangkultura, ang kultura ng mga bansang industriyalisado. Lubos ang paniniwala ng mga Asyano na kailangan ang pagtutulungan upang umunlad ang rehiyon. Alam nila na ang globalisasyon ay hindi na mapipigilan. Tatalakayin ng araling ito ang konsepto at penomena ng globalisasyon, ang paglaganap at epekto ng globalisasyon.

Matapos ang Araling ito, inaasahan na iyong:

1. Maipapaliwanag ang konsepto at penomena ng globalisasyon;

2. Maipapakita kung paano ipinalaganap ng malaking bansa ang globalisasyon; at
3. Matutukoy ang mga epekto ng globalisasyon sa Asya.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Panuto: Ibigay ang karampatang titik sa bawat numero upang makabuo ng mga salita sa makabagong alpabetong Filipino.

1. 7 12 17 21 12 9 21 1 21 27 17 15
2. 18 1 7 – 1 14 7 11 1 22
3. 18 1 7 12 23 12 23 25 1 21
4. 5 11 17 14 17 13 9 27 1
5. 11 1 12 1 11 1 12 1 14
6. 18 1 13 9 12 9 8 1 14
7. 1 21 27 1 15 17
8. 1 18 5 3
9. 1 21 5 1 15
10. 12 9 2 5 20 1 12 9 21 1 21 27 17 14

**Globalisasyon**

Ang pakahulugan sa salitang globalisasyon ay iba-iba, batay sa kung sino ang gumagamit nito. Sa Timog Korea, ang salitang globalisasyon ay ginagamit ng mga unyon sa paggawa sa paghingi nila ng karapatang magkatipun-tipon; sa mga kapitalista, ang termino ay ginagamit upang magkaroon ng deregulasyon. Ayon sa isang Amerikanong tagapagmasid, ang “globalisasyon” ay ang El Nino ng agham panlipunan-isang puwersa o lakas na maaaring pagbuntunan ng sisi sa halos lahat ng bagay; sa paniniwala naman ng isang mamamayan ng Timog Korea, ang “globalisasyon” ay dapat ihiwalay sa mga terminong “pagtutulungan” at integrasyon kung ito ay magkakaroon ng pakahulugan. Sa isang pagpupulong, napagpasiyahan ng

mga kalahok na ang globalisasyon ay isang bagong penomena na may ilang mga pangunahing katangian:

- Pagtutulungang Pang-ekonomiya bunsod ng mabilis na pagsasailalim ng teknolohiya at maayos na komunikasyon at pagdaloy ng impormasyon.
- Pag-usbong ng mga bagong "aktor" na kumakalaban sa estado, partikular ang mga non-governmental organization (NGO) at mga grupong sibiko.
- Mga estadong napipilitang makiayon sa mga pandaigdigang kasunduan.
- Paglitaw ng mga kulturang dinodomina ng kanluran na maaaring magbunga ng unti-unting paglaho ng pambansang pagkakakilanlan at mga tradisyunal na pagpapahalaga sa maraming bansang Asyano.
- Paglaki ng mga pambansang suliranin gaya ng suliranin sa enerhiya at kapaligiran, malawakang pandarayuhan at mga organisadong grupo ng mga kriminal na nangangailangan ng pagtutulungan upang maresolba.

Ang globalisasyon ay mayroong positibo at negatibong mga epekto, at ayon nga sa isang aklat, ito ay isang sistema na may positibo at negatibong elemento.

Sa positibong aspeto, malaki ang nagagawa ng globalisasyon kung pambansang seguridad ang pag-uusapan. Bukod sa katatagang panrehiyon na dala nito, ang globalisasyon ay nakatutulong rin upang maiwasan ang mga pag-aawayan sa pagitan ng mga bansa, maging ang di-pagkakasundo-sundo ng mga ito. Ayon nga sa isang opisyal na Indones, ang kawalan ng digmaan sa Timog-Silangang Asya sa mga nakalipas na taon ay bunsod ng tinatawag na globalisasyon.

Kabilang sa globalisasyon ang pagtutulungang pang-ekonomiyang ito ay maraming mga positibong ibinubunga sapagkat sa pamamagitan nito, napapababa ang halaga ng mga bilihin, nagkakaroon ng higit na maraming bilang ng mga hanapbuhay na maaaring mapasukan at nagkakaroon rin naman ng kasiya-siyang kompetisyon sa pagitan ng mga gumagawa o nagpoprodyus ng mga produkto dahilan upang magkaroon ng higit na maraming de-kalidad na produkto na maaaring bilihin ng mga konsyumer.

Bukod sa mga pagtutulungan sa pagitan ng mga bansa, dala rin ng globalisasyon ang pag-usbong ng mga grupong may kani-kaniyang mga ipinaglalaban- karapatan ng

mga kababaihan at kabataan at pagkasira ng kapaligiran. Sa pamamagitan ng mga grupong ito nabibigyang sapat na pansin ang mga sector sa lipunan na may mga suliraning di-gaanong natutugunan ng pamahalaan at dahil roon, hindi gaanong naipagwawalang-bahala ang mga ito kundi naipapaabot pa nga sa mga kinauukulan at maging sa ibang mga bansa, upang hingan ang tulong ng mga ito kung kinakailangan.

Bagaman maraming mga positibong epekto ang globalisasyon, mayroon rin itong mga negatibong bahagi. Kasabay ng mga pagtutulungang pang-ekonomiya sa pagitan ng mga bansa na bahagi ng globalisasyon ay ang paglagda sa mga kasunduan o mga batas na nagsasaad ng mga taripa at pag-aalis ng mga balakid para sa mga produktong nagmumula sa ibang bansa. Dahil mababa na ang taripa, sa mababang halaga lamang ibebenta ang naturang mga kalakal at dahil mababa lamang ang halaga ng mga ito, ang mga produktong ito ang higit na tatangkalin ng mga mamimili kaysa mga lokal na produkto na kadalasang higit na mataas ang presyo. Dahil rito, napipilitan ang mga negosyante na ibaba ang presyo ng kanilang mga paninda kahit na maaari nila itong ikalugi upang makipagsabayan lamang sa mga produktong inaangkat sa bansa.

Ang mga bansang lumagda sa kasunduan ay di-maaaring sumuway mula sa napag-usapan, isang sitwasyon na nagpapakita na sa globalisasyon, tila higit ang kapangyarihan ng isang samahan kaysa bansang kasapi nito.


Bukod sa nabanggit, nagdudulot rin ng mga pambansang suliranin ang globalisasyon. Dahil sa pagtangkilik sa isang produkto, lumalaki ang konsumo nito at upang tugunan ang pangangilangan nito, higit na maraming mga produkto ang kinakailangang likhain. Upang makalikha ng mga produkto, kinakailangan ang mga hilaw na materyales na kadalasang sa kagubatan kinukuha. Dahil higit na maraming produkto ang nililikha, higit na maraming hilaw na sangkap ang kinukuha na kadalasang nauuwi sa pagkawasak ng kapaligiran. Ang pagkawasak na ito ng kapaligiran ay nauuwi sa problema ukol sa suplay ng tubig at pagkain.

Isa pang suliranin na maaaring dalhin ng globalisasyon ay ang problema ukol sa kriminalidad. Ang maayos na sistema ng komunikasyon at transportasyon ay bunsod ng globalisasyon subalit ang mga ito ay kinakasangkapan ng mga kriminal para sa kanilang maiitim na gawain tulad ng terorismo’t drug, weapon at human trafficking.

Yinayapos ng maraming mga bansa ang globalisasyon dahil sa pangakong kaunlaran na kalakip nito. Sa pamamagitan ng globalisasyon, makalilikha ng mga produktong de-kalidad at may mababang halaga at mapalaganap rin naman ang demokrasya. Sa mga bansang awtoritaryan, itinataguyod ang globalisasyon para sa kapakanan ng kanilang ekonomiya- upang mapaunlad ito- nang sa gayon maging kuntento ang mga mamamayan at maiwasan ang anumang paglaban sa pamahalaan.

Gayunman, ang ganitong hakbangin ay mayroong kapalit na maaaring di-makabubuti para sa isang bansa.

**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**



Basahin mo ang artikulo "Don't Knock Globalisation!"

- Ano ang napansin mong isinasaad ng artikulong ito?

Bilang mag-aaral, ibigay mo ang iyong kuru-kuro pagkatapos mong malaman ang kanais-nais at di kanais-nais na mga pahayag tungkol sa globalisasyon.

For workers like Tsi-Chi, a job with a multinational means prosperity not exploitation | BY JOHAN NORBERG

# DON'T KNOCK GLOBAL-ISATION!

**Nike.** It means victory. It also means a type of expensive trainer. In the minds of the anti-globalisation movement, Nike stands for the victory of a Western footwear company over the poor and dispossessed. It is a symbol of the unacceptable triumph of global capital.

Sold for many times more than the wages of the workers who make them, Nike shoes are hate objects more potent, in the eyes of anti-globalists, than McDonald's hamburgers. If you want to be trendy these days, you don't wear Nikes; you boycott them.

So I was interested to hear someone not only praising Nike sweatshops, but also claiming that Nike is an example of a responsible business. That someone was from the ruling Communist Party of Vietnam.

Today Nike has around six times more workers in Vietnam than in the US. I travelled to Ho Chi Minh City to examine the effects of multi-

national corporations on poor countries.

In truth the work does look tough and the conditions grim, if we compare Vietnamese factories with what people have in the West. But that's not the comparison these workers make. They compare the work at Nike with the way they lived before, or the way their parents or neighbours still work.

The average pay at a Nike factory close to Ho Chi Minh City is considerably more than the minimum wage at a state-owned enterprise.

Eight years ago, when Nike was established in Vietnam, the workers had to walk to the factories, often for several kilometres. After three years, they could afford bicycles. Another three years later, they could afford scooters. Today, the first workers can afford to buy a car.

But when I talk to a young Vietnamese woman called Tsi-Chi at the factory, it's not the wages she is most happy about. Sure, she makes five times more than she did, earns more than her husband and can now build an extension to her house. But the most important thing, she says, is that she doesn't have to work on a farm any more, which involves working ten to 14 hours a day in the burning sun or intensive rain, in rice fields with water up to your ankles and insects in your face.

These facts make Nike sound more like Santa Claus than Scrooge. But it is not altruism at work here; it is globalisation. With their investments in poor countries, multinationals bring better technology, new management skills and production ideas, a larger market and the education of their workers. That is exactly what raises productivity. And if this happens, you can also increase wages.

## Mr Kiet, owner of the local shoe factory, visited Nike to learn how to get **better at attracting workers**

The effect on local business is profound: "Why do the foreign factories work well and produce much more?" That was what Mr Kiet, the owner of a local shoe factory, asked me. He'd visited Nike to learn how he could be as successful at attracting workers. "I recognise that productivity does not come only from machinery but also from satisfaction of the worker. So we should concentrate on our working conditions."

If I were an anti-globalist, I'd stop complaining about Nike's wages. If there

JOHAN NORBERG is the author of *In Defence of Global Capitalism* (Cato Institute) and a British television writer and presenter.



**Tandaan Mo!**

- Ang globalisasyon ay ang pinabilis na pag-aasahang pang-ekonomiyang dulot ng makabagong teknolohiya lalo na sa larangan ng komunikasyon at transportasyon.
- Ang globalisasyon ay nagbibigay-daan sa paglitaw ng sinasabing mass culture o pandaigdigang kultura, sanhi ng sining na itinatransmit ng midya.
- Mga polisya sa ilalim ng globalisasyon:
  - Liberalisasyon- ang pagluwag ng mga patakaran para sa pagpasok ng mga produkto mula sa ibang bansa.
  - Deregulasyon- ang pag-aalis ng regulasyon ng pamahalaan sa iba't ibang gawaing pang-ekonomiya.
  - Pribatisasyon- ililipat mula sa pamahalaan patungo sa pribadong kapitalista't negosyante, lokal at dayuhan, ang mga batayang serbisyo (halimbawa, pangkalusugan, edukasyon) at pangangailangan (tubig, kuryente).



**Gawain 3: Paglalapat**

Nararapat pa bang magbukas ng mga pabrika o negosyo ang mga kompanyang multi-nasyonal sa mga bansang papaunlad pa lamang? Ipaliwanag ang iyong kasagutan.



## MGA DAPAT TANDAAN SA MODYUL NA ITO

Ngayong natapos mo na ang mga aralin sa modyul na ito, ano ang mahahalagang kaalaman na dapat mong tandaan?

- Ang mga karapatang pantao o "human rights" ay mga karapatang kumikilala sa pagkatao natin at sa ating pangangailangan na umunlad nang buo at ganap.
- Ang terorismo ay pinaghandaan ng mabuti at hindi pabiglang-biglang pagkilos bunga ng matinding galit.
- Ang terorismo ay isang politikal at hindi kriminal, ito ay idinesenyo upang baguhin o palitan ang kasalukuyang sistema ng gobyerno.
- Ang paglaki ng populasyon ay mayroong malinaw na kaugnayan sa pagkawasak ng kapaligiran.
- Kasabay ng mabilis na pag-unlad ay ang paglaki ng bilang ng mga produktong makokonsumo.
- Kasunod ng mga pagbabagong pang-ekonomiya, panlipunan at pampulitikal sa Asya ay ang mga mahahalagang pagbabago sa kalagayn ng mga kababaihan sa Asya.
- Ang HIV/AIDS ay isang sakit na nagpapahina sa resistensiya ng mga taong apektdo nito. Kung kaya't maari nilang ikamatay ang pinaka simpleng sakit tulad ng trankaso.
- Ang globalisasyon ay ang pinabilis na pag-aasahang pang-ekonomiyang dulot ng makabagong teknolohiya lalo na sa larangan ng komunikasyon at transportasyon.



**PANGWAKAS NA PAGSUSULIT:**

I. Panuto: Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Mababang pagtingin sa mga grupo o indibidwal dahil sa kanilang lahi, relihiyon, katayuan sa lipunan, at kasarian.
   A. diskriminasyon
   B. racismo
   C. "prejudice"
   D. "Sexism"

2. Ang ____________ ay kabuuang bilang ng taong marunong bumasa at sumulat sa isang bansa.
   A. Dependency rate
   B. GNP
   C. population
   D. literacy rate

3. Ito ay tumutugon sa mabilis na pagtaas ng temperatura sa daigdig sanhi ng akumulasyon ng carbon dioxide at singaw ng mainit na hangin na napigil ng masa ng malamig na hangin sa loob ng daigdig.
   A. Global warming
   B. ekosistem
   C. greenhouse effect
   D. hot spots

4. Ito ay tumutugon sa responsableng paglilinang ng kapaligiran upang matugunan ang kasalukuyang pangangailangan ng mga tao nang hindi inilalagay sa alanganin o kapahamakan ang abilidad nitong matugunan ang pangangailangan ng mga sumusunod pang henerasyon.
   A. Sustenableng paglilinang
   B. erosyon

C. ekosistem
D. Agenda 21

5. Ito ay tumutugon sa kontaminasyon ng hangin, tubig at lupa sanhi ng pagtatapon ng mg bagay na toxic mula sa mga tahanan at pagawaan.
   A. erosyon
   B. greenhouse
   C. polusyon
   D. sustinableng paglilinang

6. Ito ay tumutugon sa pagkasaid ng puno sa kagubatan hanggang sa ito ay magmistulang tuyo.
   A. deforestasyon
   B. desertifikasyon
   C. hot spots
   D. global warming

7. Ito ay tumutugon sa mga lupain sa daigdig na mabilis na nasasaid na sa kagubatan nang hindi naayon sa tamang lebel o reyt nito.
   A. Hot Spots
   B. deforestasyon
   C. globl warming
   D. greenhouse effect

8. Ito ay tumutugon sa walang ingat na pagputol ng mga puno sa kagubatan.
   A. deforestasyon
   B. Hot Spots
   C. Global warming
   D. Greenhouse effect

9. Ang biglaan at mabilis na paglaki ng populasyon
   A. Life expectancy
   B. Population explosion
   C. Birth rate
   D. Death rate

10. Tumutukoy sa bilang ng namamatay na tao sa bawat taon sa bawat 1,000 katao.
   A. Death rate
   B. Birth rate
   C. Life expectancy
   D. Population explosion

11. Haba ng panahong nabubuhay ang tao
   A. Birth rate
   B. Life expectancy
   C. Death rate
   D. Population explosion

12. Tumutugon sa bilang ng ipinanganak kada taon sa bawat 1,000 katao.
   A. Birth rate
   B. Life expectancy
   C. Death rate
   D. Population explosion

13. Tumutukoy sa mga taong nag-aaral at sumusuri sa bilang, densidad at paglaki ng populasyon
   A. astronomer
   B. astrologer
   C. researcher
   D. demographer

14. Tumutukoy sa mga pag-uugali, aksyon, salita at mga gawaing kinakakitaan ng mababang pagpapahalaga sa mga tao batay sa kanilang kasarian.
    A. Sexism
    B. Racism
    C. diskriminasyon
    D. narcism

15. Katangian nito ang biglang paghina ng immune system o sistemang lumalaban sa sakit.
    A. Hemophilia
    B. HIV/AIDS
    C. Meningococcemia
    D. Bird flu

II. Panuto: Suriin ang mga tanong batay sa **sanhi** at **bunga**. Isulat ang **SB** kung ang pares ay nagpapakita ng relasyong **sanhi-bunga** at **BS** kung ito ay nagpapakita ng relasyong **bunga-sanhi**.

| **A** | | **B** |
|---|---|---|
| ______ 16. Pagparami ng mga armas nukleyar | ↔ | napipintong digmaan |
| ______ 17. Paglabag sa mga karapatang pantao | ↔ | diskriminasyon |
| ______ 18. marginalisasyon | ↔ | paglabag sa karapatang pantao |
| ______ 19. Pagdami ng populasyon | ↔ | polusyon |
| ______ 20. malawakang pagbaha | ↔ | malawakang pagsira ng kagubatan |
| ______ 21. suliraning pabahay at squatter | ↔ | pagdami ng populasyon |
| ______ 22. nukleyar waste | ↔ | pagpaparami ng armas nukleyar |

| | | |
|---|---|---|
| ______ 23. El Nino at La Nina | ↔ | polusyon sa kapaligiran |
| ______ 24. digmaan | ↔ | paglabag sa karapatang pantao |
| ______ 25. ultra-nasyonalismo | ↔ | World War |



## GABAY SA PAGWAWASTO:

**PANIMULANG PAGSUSULIT**

1. A
2. D
3. D
4. B
5. A
6. C
7. D
8. A
9. B
10. B
11. C
12. B
13. C
14. B
15. B
16. A
17. D
18. A
19. C
20. A

**ARALIN 4: ANG NAGBABAGONG KALAGAYANG PANLIPUNAN NG MGA KABABAIHAN SA ASYA**

**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

1. J
2. I
3. H
4. G
5. F
6. E
7. D
8. C
9. B
10. A

**ARALIN 5: ANG "HUMAN IMMUNO-DEFICIENCY VIRUS" (HIV) / "ACQUIRED IMMUNE DEFICIENCY SYNDROME" (AIDS)**

**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

1. Hindi
2. Dugo at sekswal fluids
3. Hindi
4. Hindi mo masasabi

5. Africa
6. Wala
7. 39.4 milyon
8. December 1
9. Hindi
10. Hindi

**ARALIN 6: GLOBALISASYON**

**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

1. globalisasyon
2. pag-angkat
3. pagluluwas
4. ekonomiya
5. kalakalan
6. pamilihan
7. Asyano
8. APEC
9. ASEAN
10. Liberalisasyon

**PAGHULING PAGSUSULIT**

I.

1. A
2. D
3. C
4. A
5. C
6. B
7. A
8. A
9. B
10. A
11. B
12. A
13. D
14. A
15. B

II.

16. SB
17. BS
18. SB
19. SB
20.
21.
22.
23.
24.
25.